





*Pag naririnig ang malamyos na himig nektar ng pluta
Sa pagkabaliw ng puso na tinamaan ng pana ni kupido
Mabilis na pagtalikod sa lahat
Sinalubong ko ang tawag ng Kabanalan*

*Inakit ako ng Kanyang mapagmahal na yakap at
Hindi hinayaan umalis, yaong pusong ninakaw
"Chitta Chora", ay inagaw ang aking puso,
ako ay nakatakda
Sa pag-ibig Niya habambuhay at wala ng bawian pa*

*Piliin man Niya na ipagsanggalang ako o itakwil
Sa sakit o kasiyahan, Siya ang tanging Panginoon
ng Aking Buhay
Sa Kanya lamang ako at magagawa Niyang lahat
ng naisin sa akin
Wala akong tinataglay kundi maging tagasunod
sa Kanyang himig*

LORD CHAITANYA ANG ENKARNASYON NG BANAL NA PAG-IBIG



Sri Chaitanya Saraswat Math, Nabadwip

“Nawa’y ang Dakilang Panginoon na kilala bilang anak ni Srimati Sacidevi ay manirahan sa kaibuturan ng inyong puso. Nagniningning sa liwanag ng tinubog na ginto, Siya ay nabuhay sa Panahon ng Kali sa pamamagitan ng Kanyang walang hanggang awa upang ipagkaloob ang hindi pa ipinagkaloob ng mga nauna sa kanya: ang pinakabanal at pinakamaliwanag na kaalamang pang-ispirituwal ng paglilingkod-debosyonal sa saliw ng pinagsamang pag-ibig (conjugal love).” — *Sri Rupa Goswami*

Tumatawag ang Panginoon, “Magsigising, mga natutulog na kaluluwa! Matagal na kayong natutulog sa kandungan ng mangkulukulam na si Maya. Bumaba lamang Ako upang palayain kayo sa mahigpit niyang pagkahahawak. Maliban sa Akin, sino ang inyong tunay na kaibigan? Dinala Ko ang *Harinama*, ang lunas upang sirain ang ilusyon sa panahon ng *Kali*. Ang buhay na ito ay tiyak na matatapos sa lalong madaling panahon, kung gayon huwag na kayo maghintay pa, manalangin para sa *Harinama-mahamantra* at awitin ito bawat sandali.”

**Hare Krsna Hare Krsna
Krsna Krsna Hare Hare
Hare Rama Hare Rama
Rama Rama Hare Hare**

**LORD CHAITANYA
ANG ENKARNASYON NG
BANAL NA PAG-IBIG**

Isang panimula sa kanyang Banal na Paglilibang
at ang Kahalagahan ng Kanyang mga Aral

mula kay

Malati Priya Devi Dasi
Isang hamak na disipulo ni
Srila Bhakti Sundar govinda Dev-Goswami Maharaj

Sri Chaitanya Saraswat Math
Nabadwip, Nadia

Lahat ay reserbado para sa:

Ang Sevaite-Pangulo-Acharyya,
Sri Chaitanya Saraswat Math, Nabadwip

Iniayos ni: Mahananda dasa Bhakti Ranjan

Disenyong Pabalat ni: Krishna Bhakta Dasa

Inilathala ni: Suvasini Devi Dasi

Traduktor(sa tagalog) ni:

Propesora Bless Flores at Isani Devi Dasi

Iniwasto(sa tagalog) ni:

Isani Devi Dasi
at Malini Devi Dasi


Natatangi para sa:

Sri Chaitanya Saraswat Math,
Sri Chaitanya Sarswat Math Road,
Kolerganj,
Post Office: Nabadwip,
District: Nadia,
West Bengal, Pin 741302
India

Inilathala sa India: ika-6 ng Marso 2004


Ni: Sri P. K. Battacharya
Giri Print Service,
91-A Baithakkhana Rd
Calcutta 70009

Unang Paglalathala: 2,000 Kopya





Om Visnupada
Srila Bhakti Sundar Govinda Dev-Goswami Maharaj,
Sevaite-Pangulo-Acharyya ng
Sri Chaitanya Saraswat Math.



Om Visnupada
Srila Bhakti Raksak Sridhar Dev-Goswami Maharaj,
Tagapagtatag-Pangulo-Acharyya ng
Sri Chaitanya Saraswat Math.

NILALAMAN



Sri Chaitanya Mahaprabhu at Sri Nityananda Prabhu

Paunang Salita 99

Panimula

Ang Buhay ni Sri Chaitanya Mahaprabhu

Ang Mahamantra

Ang Sannyas Initiation

Banal na Pagpapakita kay Sarvabhauma Bhattacharya

Ang Paglalakbay ni Sri Chaitanya sa Timog India

Ang Pagbabalik ng Panginoon sa Puri

Ang Pakikipagkita kay Haring Prataparudra

Ang Paglahok ni Mahaprabhu sa

Saliw ng Krsna-lila sa Vrndavan

Ang Mga Pinakamataas na Kapanalig

Ng Panginoon.

Ang Mga Kautusan sa Anim na Goswamis

Konklusyon ng mga Turo ni Sri Chaitanya


Ang Huling Handog – Siksastakam

Ang Guru Parampara

Listahan ng Nailathalang Aklat

Listahan ng Pandaigdigang Sentro ng Misyon

PANIMULANG SALITA



“Maraming bagay ang nangyayari sa relihiyon sa pangalan ng pinakamataas na solusyon ng ating buhay, subalit ang ipinagkaloob ni Mahaprabhu ay kalaunan ding matutuklasan ng mga marurunong sa daigdig, at lahat ay magsasama-sama sa panawagan ni Sri Chaitanya Dev at magsisi-awit ng papuri kay Mahaprabhu at Krsna.”

—*Srila Bhaktivinoda Thakur*

Una, lumuluhod ako sa aking pinakamaawaing si Gurudev, pagbibigay ng aking paggalang sa Kanyang banal na paanang lotus nang walang hanggang pasasalamat. Tanging sa kanyang awa at biyaya lamang nagkakaroon ng kaganapan ang pagsubok ko na tipunin ang aklat na ito.

Minamahal na mambabasa, bago ninyo basahin ang nilalaman ng aklat na ito, mahalaga na maunawaan ninyo, ang pakiramdam nang higit na kawalang-kakayahan na simulan ang ganitong uri ng pagsisikap. Sa pagtuturing na hindi ako karapat dapat na sumulat tungkol sa mga pangyayari sa buhay ng Panginoon at ang Kanyang walang hanggang kapanalig, hinarap pa din ng aking walang hanggang sarili ang panganib na walang kapatawarang kasalanan, bilang paghahandog ng paglilingkod kina Sri Guru at Sri Gauranga Mahaprabhu.

Ang nakapagbigay sa akin ng dahilan na isulat ang aklat na ito ay ang kabiguan na naranasan ko habang nangangaral sa mga Indians na nakilala ko sa U.S. Marami sa kanila, lalo na ang mga nagmula sa Timog India, ay mayroon lamang konting kaalaman tungkol kay Sri Chaitanya Mahaprabhu at ang ilan ay hindi man lang nalalaman pa ang Kanyang Banal na buhay. Mula sa bawat sulok ng daigdig niyakap ng mga tao ang Kanyang mga aral subalit tunay na nakalulungkot na isipin na kahit ang India mismo, kung saan nagpakita ang Panginoon at malugod na ipinamalas ang Kanyang awa, ay

marami pa din ang hindi nakakakilala sa Kanya.

Bilang tagasunod ni Sriman Mahaprabhu, naramdaman ko na dapat kong subukan, sa munti kong paraan, na ipamahagi ang magandang kapalaran na buong awang ipinagkaloob sa akin. Maikling ipinakilala dito ang buhay at mga turo ni Mahaprabhu, pagbibigay-diin sa natatanging damdamin ng debosyon, ang *Ananya-suddha-bhakti*, na napakahalaga sa Kanyang mga turo.

Ipinagtatapat ko nang buong pagpapakumbaba na ang nilalaman ng aklat na ito ay hindi sapat na presentasyon ng walang katapusang mga pangyayari sa buhay ni Mahaprabhu at ang Kanyang kaluwalhatian na ipinakilala ng aking limitadong kakayahan. Ang pagsubok na ito na ipalaganap ang kaalaman ng pinakamataas at pinakamatamis na kaisipan ng Pinakamakapangyarihang Panginoong Krsna, ang pinagmulan ng lahat, at Siyang dahilan ng lahat ng mga dahilan, ay tulad ng paghuhukay sa isang napakaliit na bato mula sa malawak na karagatan ng kaalamang transendental.

Ang aking hamak na pakiusap sa aking Srila Gurudev at Sriman Mahaprabhu ay ang patawarin ako sa lahat ng mga kasalanang nagawa ko sapagkat hinarap ko nang buong tapang ang hakbang na magpakita ng mataas na paglilingkod na hindi akma sa aking mababang posisyon. Ipinapanalangin ko na ang paglilingkod na ito ay makapagdulot ng kasiyahan sa aking Banal na Guru at makarating sa mga tapat na humahanap, na hindi pa nakikilala ang landas na ito na magtuturo sa pinakamataas na kalagayan ng kaluluwa.

Buong pusong pasasalamat ang ipinahahatid ko sa lahat ng nagbigay ng kontribusyon upang matapos ang gawaing ito. Espesyal na pagkilala ang ipinararating ko kina Srila Tridandi Maharaj, Sripad Mahananda Prabhu, Sripad Haryyananda Prabhu, Jagamohini Didi, at Sripad Jagadananda Prabhu na

buong pusong ibinigay ang kanilang tulong nang may lubos na pagtitiyaga upang magawa ang huling mga pagbabago at pagtatama. Ang magandang pabalat na nagpapakita ng tulong propesyonal ni Sripad Krsna Bhakta Prabhu.

Pasasalamat para kay Suvasini Didi, na ang hangarin na isalin ang katulad na aklat sa wikang Tamil ay nakapagbigay lalo sa akin ng inspirasyon. Nais ko ipahayag ang espesyal na pasasalamat kay Sachidevi Didi, sa kanyang anak na babae na si Rasamayi Pandita na nagboluntaryong gawin ang disenyo at kay Vimala Didi at Divya Sakti Didi – para sa kanilang pagkalinga at kabutihan na hikayatin ako.

Lubos akong tumatanaw ng utang na loob kina Ginoo at Ginang Siva Mukundan, mga tapat kong kaibigan sa Malaysia, na tumulong sa halaga ng paglalathala ng publikasyon. Ang aking hamak na paghingi ng tawad sa lahat na ang mga pangalan ay hindi nakasama dito, subalit naghikayat at tumulong direkta o hindi direkta, sapagkat imposible na mabanggit ko silang lahat.

Muli, ipinagkakaloob ko ang pinakahamak kong paggalang sa aking Banal na Guru, si Srila Bhakti Sundar Govinda Dev-Goswami Maharaj, ipinahahayag ko nang paulit ullit ang aking walang hanggang pasasalamat dahil sa kanyang kabutihan at awa sa paggabay sa landas ng natatanging debosyon. Kung mayroon man akong nakamit sa mga hanngarin ko sa buhay, dumating lamang iyon dahil sa kanyang awa. Ang kanyang awa ay ang lahat ng bumubuo sa akin.

Buong pagpapakumbaba, bilang naghahangad na lingkod ng lingkod ng Vaisnavas,

----- Malati Priya Devi Dasi
Gaura-Purnima, 2004



**namo maha-vadanyaya
krsna-prema-pradaya te
krsnaya krsna-chaitanya
namne gaura-tvise namah**

“O pinakamapagbigay na engkarnasyon! Ikaw ay si Sri Krsna na nagpakita katulad ni Sri Krsna Chaitanya Mahaprabhu. Ikaw ay may anyo ng gintong kulay ni Srimati Radharani at malawak mong pinamahagi ang dalisay na pag-ibig ni Krsna. Kami ay mapitagan nagbibigay-galang ng walang hanggang sa iyo.”

PANIMULA

Simula’t sapul, ang India, ang pinagpalang lupain kung saan ang mga engkarnasyon ng Diyos ay madalas na piliing magpakita, ay ipinagmamalaki ang mabuting kapalaran na mag-ing lupain ng mga manlalakbay na mananampalataya na naghahanap ng iba’t ibang kaalamang pang-relihiyon.

Ang pilosopiya ng *Vaisnavism*, o ang pagsamba kay Panginoong Krsna bilang Pinakamakapangyarihang Katauhan ng Diyos, ay nakilala lamang sa loob ng pinagpalang lupain hanggang 1896, kung kailan unang naipakilala sa Kanluran ni Srila Bhaktivinoda Thakur. Ngayon, sa tulong ng kasalukuyang Banal na Guru sa pamamatnubay ni Sriman Mahaprabhu, ang *Vaisnavism* ay lumaganap na sa buong kapuluan. Subalit nakalulungkot na katotohanan na karamihan sa mga tao, kahit ang mga nasa India mismo, ay mayroon lamang konti o walang kaalaman ukol sa pinakamataas na pagkaunawa sa Kabanalan na itinuturo ni Sri Chaitanya Mahaprabhu. Ang malalim na tabing ng kawalang kaalaman ay tinatakpan ang kapaligiran sa loob ng maikling panahon na Kanyang pagkawala nang mahigit sa limang daang taon na ang nakararaan.

Ang hangarin ng aklat na ito ay maipaalam sa mga tao ang banal na buhay ni Sri Krsna Chaitanya Mahaprabhu at Kanyang mga aral ng pilosopiyang *Vaisnava*.

Si Sri Krsna Chaitanya, ang engkarnasyon ng pinagsamang katauhan nina Sri Radha at Sri Krsna, ay nagpakita sa Kanlurang Bengal, India, upang ipangaral ang mensahe ng

Banal na Pag-ibig o *Bhakti-yoga*. Siya mismo, ay ang tunay na katauhan ng Banal na Pag-ibig. Sa pamamagitan ng pagtanggap ng kakaibang emosyon at nagniningning na katawan (ang malagintong kutis) ni Srimati Radharani, Siya ay kinilala bilang Golden Avatar. Sa engkarnasyon na ito, ang Panginoon ay bumaba upang maipamahagi ang kahalagahan ng pagawit ng Mahamantra, ang proseso ng pagsamba na inirekomenda ng Kasulatang Vedic para sa Panahon ng Kali, ang panahon ng pagiging materyoso, pagpapanggap at kaguluhan. Kasama ng Kanyang mga kasamahan, Siya ay nagpamalalas ng *Sankirtan*, ang sama-samang pagawit ng Banal na Pangalan.

Itinuro ni Panginoong Chaitanya ang *sanatan dharma*, ang walang hanggang tungkulin ng kaluluwa. Ito ay upang buhayin muli ang walang hanggang kaugnayan ng kaluluwa bilang tagapaglingkod ni Panginoong Krsna. Ang *sanatan dharma* ay hindi nararapat na ituring na isa na namang pananampalatayang sektaryan, dahil iyon ay ni walang simula o katapusan. Ang *jiva*, ang kaluluwa, ay isang pagpapatunay ng Kabanalan, bilang bahagi ng Pinakamakapangyarihang Kabuuan, na wala halos pinagkaiba sa Pinakamakapangyarihang Panginoon sa uri, ngunit magkaiba sa dami. Tanging sa landas ng *Bhakti-yoga* lamang, ang kasanayan ng pagkagising sa natutulog na pag-ibig ng kaluluwa sa Panginoon, ang makatutulong upang maunawaan ang walang hanggang relasyon sa Panginoon.

Maraming mangangaral ng ibang relihiyon ang nagpakita upang tulungan ang mga kaluluwa na tumungo ulit sa landas pabalik sa kamalayan sa Panginoon. Nagbibigay lamang sila ng mga pahiwatig tungkol sa Katauhan ng Diyos at kung paano mamahalin ang Panginoon nang naaayon sa kakayahang ng mga tagasunod na umunawa na tanggapin ang ilang uri ng prinsipyong pangrelihiyon. Ang kaalamang ito ang

pinakamayabong at pinakatamang pamamaraan ng pagpapahayag ng mga pangaral Vedic sa India. Kahit na may isang Panginoon, ang mga tao ay tumatawag ng Kabanalan sa iba't ibang pangalan, bawat pangalan na naglalarawan ng magkakaibang aspeto ng Banal na Katauhan ng isang Panginoon. Mayroon isang pangalan na ipinagkaloob sa Vedas na nagpapahayag ng kabuuan ng walang katapusang katangian ng Panginoon. Yaong pangalan ay Krsna, na nangangahulugang “buong kaakit-akit” (“Krs”= nang-aakit, “na”= nagbibigay saya, ligaya). Ibinunyag ni Panginoong Chaitanya ang kaalamang ito sa pamamagitan ng Kanyang mga pangaral ng buong-buong pagkaunawa sa pananampalataya na ipinagkaloob sa *Srimad-Bhagavatam*, na nagpakita ng kamalayan kay Krsna sa pinakamalawak at pinakamataas na dignidad.

Ipinalaganap ni Panginoong Chaitanya ang mga aral ng Bhagavad-gita sa pinaka praktikal na pamamaraan. Sa *Bhagavad-gita*, si Panginoong Sri Krsna ay nagpakita bilang ang Kabuuang Katauhan ng Diyos. Winika niya “*Vasudeva sarvam iti sa mahatma sudurlabhah*” (7:19), tanging ang piling mabuting kaluluwa ang tunay na makaaalam na si *Vasudeva*, o Krsna, ang ugat ng lahat ng mga nakikitang dahilan. Sa pamamagitan ng pagdidilig ng ugat ng puno maipapamahagi ang tubig sa mga dahon at sanga. Gayundin, sa pamamagitan ng pagsuko sa Pinakamakapangyarihang Panginoon, lahat ng iba pang sosyal at relihiyosong tungkulin ay mabibigyang-kaganapan. Ang iba't-iba pang mga panginoon ay tulad ng mga tagapamunong pinagkalooban ng kapangyarihan sa mga materyal na bagay na napakaraming tagasunod na namamahala sa materyal na mundo sa pangalan ng Pinakamakapangyarihang Panginoon. Kapag nasiyahan ang Pinakamakapangyarihang Dahilan ng lahat ng dahilan, lahat ng mga devas ay masisiyahan. Ang Panginoon mismo ang

Lord Chaitanya ang Engkarnasyon ng Banal na Pag-ibig

nagbigay ng kasiguraduhan sa Kanyang mga deboto sa Kanyang huling aral sa *Bhagavad-gita*:

**sarva-dharman parityajya
mam ekam saranam vraja
aham tvam sarva-papebhyo
moksaisyami ma suchah**

Sinabi dito ng Panginoon, “Iwanan ninyo lahat ng ibang mga pagkaunawa sa tungkulin at kayo’y pumasaakin. Huwag kayong matakot. Ipagsasanggalang ko kayo at palalayain mula sa lahat ng makasalanang reaksiyon na maaring mang-yari mula sa pagkalimot sa mga karaniwang tungkulin.”

Pagkatapos ng pagsuko sa Panginoon, itinuro ni Sri Chaitanya ang siyam na paglilingkod debosyonal para sa higit na pag-unlad at kaganapan ng transendental na paglilingkod na pag-ibig. Ito ay nabanggit sa Srimad-Bhagavatam:

**sravanam kirtanam visnoh
smaram pada-sevanam
archanam vandanam dasyam
sakhyam atma-nivedanam**

“Ang pakikinig ng mga kaluwalhatian ng Panginoong Hari, ang pag-awit ng mga kaluwalhatianang iyon, ang pag-aalala sa Kanya at paghahandog ng mga panalangin sa Kanya, ang paglilingkod sa paanang lotus ng Panginoon, ang paglilingkod sa Makapangyarihang Panginoon bilang taga-paglingkod, ang pagsamba sa Kanyang Pangalan, ang paglikha ng palakaibigang ugnayan sa Panginoon at buong-buong paghahandog ng sarili sa Panginoon.”

Ang *Bhakti*, o debosyon, ay hindi makakamtam lamang sa pagkakaroon ng kaalaamang teyoretikal na makukuha sa pagbabasa at pagsasama-sama ng mga kaalamang nagmula sa aklat. Tanging ang pagsuko sa tunay na spiritual master,

Lord Chaitanya ang Engkarnasyon ng Banal na Pag-ibig

ang hindi na kakaibang sugo ng Panginoon, at sa pamamagitan ng di-makasariling paglilingkod sa kanyang paanang lotus gamit ang siyam na proseso, makakakuha ng kaalamang transendental at dahan-dahang uunlad sa landas ng *Bhakti* upang makamtam ang pinakamataas na antas ng debosyon.

Isa sa mga dahilan kung bakit ang pagsamba kay Krsna, ay minsang hindi binibigyan ng seryosong pansin sa India ay sa kadahilanang ang pagmamahalan nina Sri Radha at Sri Krsna ay naipagkakamaling makamundong ugnayan ng materyal na pagnanasa sa pagitan ng lalake at babae. Si Krsna ay buong kaakit-akit na uri ng Pinakamakapangyarihang Panginoon, at si Srimati Radharani ang Kanyang buhay na panloob na kaligayahan (“pleasure-giving potency”). Sila ay hiwalay na nagpapakita para sa laro ng walang hanggang paglilibang ng Kabanalan.

Sa paglilibang ni Sri Krsna sa Vrandan matatagpuan natin ang demonstrasyon ng pinakamataas na antas ng *Bhakti*, o debosyon sa Panginoon, sa pinakamalalim nitong antas. Ipinahahayag ito sa kagila-gilalas na mga damdamin ng Gopis’ kaligayahang *Parama-rasa* kasama si Krsna, na nakakatulong upang malampasan ang lahat ng mga utos. Tanging ang nilalaman ng kanilang puso na marubdob na pagmamahal at pagtitiis sa pagkalimot sa sarili ang ipinahahayag. Binubuo nito ang pinakadakilang misteryo ng buhay ispirituwal at tanging nabubunyag lamang sa mga nagsuko, mga tapat na kaluluwa sa pamamagitan ng kagustuhan ng mismong Panginoon.

Sa kanyang engkarnasyon bilang si Sri Chaitanya Mahaprabhu, si Krsna ay nagpakita upang ipamahagi ang kaligayahan ng Banal na Pag-ibig. Pinangaral niya na ang pinakamahalagang hangarin ng buhay para sa mga nilalang

Lord Chaitanya ang Engkarnasyon ng Banal na Pag-ibig

ay ang makamit ang antas ng *Krsna-Prema*, o dalisay na pag-ibig sa Panginoon. Gumanap Siya na isang deboto, na nagpakita ng iba't-ibang kagila-gilalas na paglilibang at pagpakita ng Kanyang mga aral sa pamamagitan ng halimbawa. Ang Pinakamakapangyarihang Panginoon ay dumating bilang Panginoong Chaitanya upang bawiin ang Kanyang matagal ng nawawalang mga tagapaglingkod at dalhin sila sa kanilang walang hanggang tahanan sa Kanyang luklukan.

ANG BUHAY NI SRI CHAITANYA MAHAPRABHU

**hrsna-varnam tvisa krsnam
sango pangastra-parsadam
yajnaiḥ sankirtana-prayair
yajanti hi su-medhasah**

Srimad-Bhagavatam 11.5.32

“Sa Panahon ng Kali, ang mga matatalinong tao ay nagpapa-malas ng sama-samang pag-awit upang magpakita ng pagsamba sa engkarnasyon ng Diyos na patuloy na umaawit sa Pangalan ni Krsna. Kahit na ang kutis niya ay hindi maitim, Siya pa din si Krsna. Kasama niya ang kanyang mga kapanalig, tagapaglingkod, sandata at lihim na kaibigan.”

Ang Nakakubling Engkarnasyon

Sa *Srimad-Bhagavatam*, nabanggit ang pahiwatig upang mau-nawaan si Sri Chaitanya Mahaprabhu bilang espesyal na engkarnasyon para sa Panahon ng Kali. Hindi tulad ng *Avatars* ng ibang *yugas*, kung saan ang mga bumaba ay inilarawang mabuti, ang paglalarawan para sa *Kali-yugavatara* ay ipinahayag sa misteryosong pamamaraan. Ito ang espesyal na katangian ni Panginoong Chaitanya. Hindi Siya nagpakita bilang Pinakamakapangyarihang Panginoon, subalit sa ibang

katauhan, bilang tunay na deboto.

Sa tuwing ninanais ng Pinakamakapangyarihang Panginoon na ipakita ang Kanyang sarili sa mundo, inaayos muna niya ang pagbabalik ng Kanyang walang hanggang mga kapanalig. Mga nilalang tulad ng Kanyang magulang, ang Kanyang Banal na guru, ang iba pang miyembro ng pamilya at mga malalapit na kaibigan, mananampalataya at marami pang iba, mga nabuhay na magmulí bago o pagkatapos Niya. Nagpakita sila sa magkakaibang antas ng Kanyang *Lila* o pagsasabuhay upang tumulong sa mga kilos ng banal na misyon ng Panginoon.

Ang Kanyang Pagpapakita

Nagpakita si Sri Chaitanya Mahaprabhu sa Mayapur, Distrito ng Nadia, sa kabilugan ng buwan noong gabi ng buwan ng Phalguna sa taong 1407 Sakabda. Ang buwan ay eklipse noong Siya ay ipinanganak, at ang mga tao ng Nadia ay nali-go sa Ilog Ganges bilang paniniwala sa ganoong pagdiriwang, malakas na umaawit ng Pangalan ni “Hari.” Si Jagannath Misra ang Kanyang ama at si Sachidevi ang Kanyang ina, pareho ay nagmula sa pamilyang *brahmana*. Ang Kanyang lolo sa ina ay si Pandit Nilambara Chakravarti, isang tanyag na astrologer. Hinulaan niya na ang sanggol ay magiging dakilang nilalang ng panahon, kaya’t ibinigay niya ang pangalang Visvambhar. Ang mga kababaihan ng lugar ay tinawag Siyang Gaurahari dahil sa Kanyang malagintong kutis. Ang Kanyang ina ay tinawag Siyang Nimai, isang pangalan ibinigay sa Kanya ni Sita Thakurani, ang asawa ng dakilang paham na si Adwaita Acharyya, dahil ipinanganak Siya sa ilalim ng puno ng neem. Sa paglaki ng magandang si Nimai, Siya ay naging makulit at batang nahilig sa laro.

Ang Mga Unang Bahagi ng Kanyang Buhay

Sa mga Kasulatang Sri Chaitanya Bhagavat at Sri Chaitanya-Charitamtra, sina Sri Vrndavan Das Thakur at Srila Krsnadas Kaviraj Goswami ay nagbigay ng maliwanag na paglalarawan sa mga pangyayari sa buhay ni Sri Chaitanya Mahaprabhu. Ang mga buod ng ilan sa mga kwento ay maikling ibinigay dito:

Sa isa sa mga ito noong bata pa siya, ang Panginoon ay sinadyang bumaligtad habang nakahiga sa Kanyang kama upang ipakita sa Kanyang magulang ang mga tiyak na marka ng Panginoong Vishnu, ang watawat, thunderbolt, conch-shell, disc at isda sa Kanyang paanang lotus.

Ang Panginoon, bilang bata, ay madalas umiiyak. Ang Kanyang ina at mga kapitbahay na babae ay natuklasan na ang tanging paraan para mapatahan Siya ay ang awitan Siya ng “Hari!” “Hari!” Titigil na Siyang umiyak at ngingiti na. Ang tunay niyang intensyon ay upang mapilit ang lahat na umawit ng Banal na Pangalan ng Panginoon. Dahil dito, nagkaroon ng tuluy-tuloy na pagsambit ng *Harinam* sa tahanan, pagsasabi ng magaganap na misyon ng Panginoon sa hinaharap.

Ikaanim na buwan pagkaraang ipanganak Siya, ang tradisyunal na *annaprasanna* ay ginanap, kung saan ang sanggol ay binibigyan ng solidong pagkain sa unang pagkakataon. Ito ang ritwal upang masubok ang kakayahang natural ng bata sa pamamagitan ng paglalagay ng iba’t-ibang bagay sa bata tulad ng ginto, pilak, pagkain at aklat pangrelihiyon. Ang sanggol na si Nimai ay inabot ang *Srimad-Bhagavatam*. Ito ang maagang indikasyon ng malaking bahagi ng misyon ng Kanyang buhay.

Minsan, ang Kanyang inang si Sachi ay hihiga sa kanyang kama katabi si Nimai at gulat na gulat na makikita na ang buong bahay ay puno ng mga bisita mula sa daigdig ng mga banal upang magbigay pugay sa kanyang banal na anak.

Minsan ang isang *brahmana* na naglakbay ay naging panauhin sa tahanan ni Jagannath Misra. Ang *brahmana* ay naghanda ng pagkaing-handog at nag-alay ng panalangin habang nagmumuni muni tungkol kay Krsna. Ang munting Nimai ay dumating at kinain ang kanin. Nagulat man ang *brahmana*, nagluto pa din siya ng kanin dahil sa kahilingan ni Jagannath Misra. Muli, si Nimai ay dumating at kinain ang kanin habang inihahandog ng *brahmana* kay Krsna ang kanin sa pamamagitan ng kanyang pagmumuni muni. Pumayag na magluto muli ang *brahmana*. Sa oras na iyon, lahat ng tao na naroroon ay nakatulog na at si Nimai ay nagpakita bilang si Krsna, ang Pinakamakapangyarihang Katauhan ng Panginoong Diyos, at pinagpala ang *brahmana*. Ang *brahmana*, na hindi agad naunawaan ang kanyang mabuting kapalaran, ay napuspos ng kaligayahan dahil sa pagpakita ng sanhi ng kanyang pagsamba.

Minsan, may dalawang magnanakaw na kinuha ang munting Nimai mula sa tahanan ng Kanyang ama dahil hangad nilang kuhanin ang mga alahas Niya. Nagbigay sila sa Kanya ng matamis na pagkain sa daan. Subalit, pinagana ni Nimai ang Kanyang mapanlinlang na lakas at dinala muli ang mga magnanakaw pabalik sa kanyang tahanan. Ang mga magnanakaw, dahil sa takot na mahuli, ay iniwan ang bata doon at tumalilis na lamang.

Noong siya ay sanggol na gumagapang pa lamang sa kaniyang halamanan, may ahas na nagpakita sa Kanya. Nagsimulang makipaglaro doon si Nimai at humiga Siya sa pulupot ng ahas. Nagsisigaw ang mga tao sa takot, subalit

mahinahong ngumiti lamang si Nimai. Ang ahas, na si Sri Ananta Sesa sa tunay na katauhan, ay gumapang palayo nang marinig ang pagakakagulo ng tao. Pinilit itong habulin ng munting Nimai ngunit hinabol Siya ng mga kababaihan at pinigilan.

Habang ang mga batang babae sa Nabadwip ay sumasamba ng iba't-ibang mga diyos pagkatapos maligo sa Ilog Ganges, ang munting Nimai ay pupunta sa kanila at uupo kasama nila at magwiwika, "Bakit ninyo inaaksaya ang inyong panahon sa pagsamba sa Ganges at ang diyosang si Durga, sila ay Akin lamang mga lingkod na utusan. Kahit sino pa ang kausapin ninyo, kahit si Panginoong Siva ay aking tagapaglingkod din. Sambahin ninyo Ako, at pagkakalooban Ko kayo ng mga mabubuting asawa."

Habang walang ibang naroroon sa silid, sasadyain Niyang ikalat ang mga bagay sa paligid tulad ng pagbuhos ng gatas o mantikilya sa sahig. Kapag narinig na Niya na dumarating ang Kanyang ina, mabilis Siyang hihiga at magkukunwaring umiiyak.

Sa pamamagitan nito, nangyayari ang mga hindi mabibilang na paglilibang ng Panginoon noong Kanyang kabataan. Ang hindi nalalaman ng nakararami na ang mga paglilibang ng Panginoong Chaitanya noong kabataan Niya ay pag-uulit lamang sa mga paglilibang ni Gopal Krsna noong Kanyang kabataan sa Vrndavan.

Si Nimai Pandit – Ang Kanyang Buhay Bago ang Sannyas

Sa Kanyang pang-walong taon, Siya ay tinanggap sa paaralan ni Gangadas Pandit sa Ganganagar. Sa loob ng dalawang taon naging magaling na iskolar Siya sa grammar, pagbasa, pagsulat, ang *smṛti* at ang *nyaya*, kaya't naging kilala Siya bilang

Nimai Pandit.

Pagkatapos nito, ang Kanyang nakatatandang kapatid na lalake, si Visvarupa, ay umalis ng tahanan at tinanggap ang ipinagkaloob na utos, ang *sannyas*. Kahit na Siya ay bata pa lamang, ipinaliwanag Niya sa Kanyang mga nanalungkot na magulang na mabuting tinanggap ni Visvarupa ang pagiging *sannyas*, at dahil sa ginawa Niya naliwanagan ang Kanyang magulang. Pagkaraan iniwan na ng Kanyang ama ang daigdig. Ang naulilang ina ay lubos na nanimdim at pinaglubag ni Nimai ang Kanyang kalooban.

Sa edad na labing apat o labing lima ikinasal si Mahaprabhu kay Laksmipriya, ang anak ni Sri Vallabha Acharyya. Sa pamamagitan ng banal na ugnayan, nagkakilala sila sa tabing ilog sa Ganga. Nakilala agad ng Panginoong Gaurachandra na ito ay Kanyang walang hanggang asawa na si Sri Lakshmi Devi.

Sa panahong ito, itinuring na pinakamagaling na iskolar si Nimai Pandit sa Nadia, kung saan dinakila ang luklukan ng pilosopiyang *nyaya* at kaalamang *Sanskrit*. Sa pagsasalita ukol sa '*smarta*' caste *pandits*, lahat ng magagaling sa lohika ay takot na harapin Siya para sa debateng pang pilosopikal. Sa panahong ito, Siya ay nangangaral ng *Vaisnavisms* sa bakan-teng mga oras. Pagkatapos turuan si Tapan Misra ng prinsipyong *Vaisnavisms*, inutusan Niya ito na umalis at mamuhay sa Benares kung saan gagamitin Niyang kasangkapan para sa pagpapalaganap ng Kanyang misyon.

Habang naglalakbay Siya sa Silangang Bengal, ang Kanyang asawa, si Laksmipriya, na nakararanas ng matinding kalungkutan dahil sa pagkawala ng kanyang Panginoon, ay pumanaw. Sa Kanyang pagbabalik, natagpuan Niya ang Kanyang ina sa matinding pagdadalamhati. Pinayapa Niya ang ina sa pamamagitan ng pagsasabi ng tungkol sa mga

kawalang katiyakan sa buhay ng tao. Dahil na din sa hiling ng Kanyang ina, pinakasalan Niya si Visnupriya Devi, ang anak ni Raj Pandit Sanatan Misra. Siya ay walang iba kundi ang Kanyang walang hanggang asawa na si Satyabhama.

Pagkaraan ng pagbabalik Niya mula sa pag-iikot sa Silangang Bengal, si Kesava Misra, isang dinakilang iskolar ng Kasmir, ay dumating sa Nadia dahil sa pananaw na dagdagan ang pagkilala sa Kanya sa pamamagitan ng pagtalo sa mga *pandits* ng lugar na iyon. Pagkaraan ng maikling pakikipag-usap kay Barakona Ghat sa Mayapur, si Nimai Pandit, na noon ay labing-anim na taong gulang lamang, ay tinalo siya. Tinukoy Niya ang maraming mga pagkukulang ng komposisyong Sanskrit, at ang pagkapahiya ang naging dahilan upang tanggapin ni Kesava Misra ang pagkatalo. . Pagkaraan ng insidenteng ito ang Panginoon ay ipinoraklama sa kapuluan na pinakadakilang iskolar ng Kanyang panahon.

Ang Pagtanggap ni Nimai Pandit sa Initiation

Habang si Nimai Pandit ay patuloy na nagbibigay atensyon sa mga iskolastikong hangarin, ang mga masasama at makasalanang tao ay nagsisimula naman sa pag-aabuso sa mga deboto. Ito ang dahilan upang makaramdam sila ng kalungkutan, subalit tahimik pa din nilang tinanggap ang mga panlalait. Lubos na nabahala si Nimai Pandit. Naramdaman Niya sa Kanyang puso na panahon na para ipakilala Niya ang Kanyang tunay na katauhan bilang tagapaghatid ng mga naliligaw na mga kaluluwa sa pamamagitan ng Harinam Sankirtan. Naglakbay Siya sa Gaya dala ng dahilang Siya ay magpapamalas ng seremonyang *sraddha* para sa Kanyang ama. Ngunit ang katotohanan, ay iyon ang magiging dahilan ng pag-iiba ng Kanyang buhay. Doon, nakilala niya ang Kanyang Banal na Guru, si Isvara Puri, isang disip-

ulo ni Madhavendra Puri. Nakatanggap Siya ng ispiritual initiation mula sa kanya at pagkatapos ay dali-daling nagpamalas Siya ng mga patunay ng *Prema Bhakti*, ang marubdob na pag-ibig debosyonal para kay Sri Krsna. Ang pagpapala ng Panginoon sa pamamagitan ng Banal na Guru (spiritual master) at ang mga epekto nito pagkaraan ang nagdulot ng malinaw na indikasyon na ang isa ay nararapat na magkaroon ng espesyal na biyaya ng tunay na Guru upang makapagsimula ng buhay ispiritwal.

Ang Pagpapasinaya Ng Nama Sankirtana

Pagkaraan ng Kanyang pagbabalik mula sa Gaya, isang kakaibang pagbabago ang naganap sa Panginoon. Naramdaman Niya na ang palatandaan ng kaligayahan sa pag-ibig ng Panginoong Diyos ay lubos na nadaragdagan.

Mula sa panahong ito hanggang sa ika dalawampu't tatlong taon, nagsimulang mangaral si Sri Chaitanya Mahaprabhu ng mga prinsipyong Vaisnava at magpalaganap ng *Sankirttan* nang may higit na sigla. Ipinadala Niya lahat ng Kanyang mga tagasunod kasama na sina Nityananda Prabhu at Haridas Thakur, dalawang pinuno ng Kanyang partido, nagbahay-bahay upang ipangaral ang *Srimad-Bhagavatam*. Ang Kanyang punong himpilan ay nasa tahanan nina Srivas Thakur at Sri Adwaita Prabhu.

Ang mga tagasunod Niya sa distrito ng Nadia ay nagsimula ng umawit sa Banal na Pangalan ni Hari sa mga bayan at pook pamilihan. Ang *bhaktas*, ang mga deboto, ay nasiyahan, subalit ang mga *smarta brahmanas* ay nainggit at nagreklamo kay Chand Kazi, ang pinuno ng mga Muslim. Si Kazi ay nagtungo sa tahanan ni Srivas Pandit at binasag ang mrdanga (tambol). Upang ipahayag na kung hindi titigilan ni

Mahaprabhu ang Kanyang mga gawain, siya ay mapipilitang ipayakap sa kanila ang paniniwalang Muslim at sa Kanyang mga tagasunod. Nang makarating ito sa kaalaman ni Sriman Mahaprabhu, inutusan Niya ang mga tao sa buong distrito na magpakita sa kinagabihang iyon, bawat isa ay magdala ng sulo (torch). Humayo Siya kasama ang Kanyang partidong *Sankirtan* na nahahati sa labing apat na grupo. Pagdating sa tahanan ng Kazi, nagkaroon Siya ng pakikipag-usap kay Kazi at sa huli, sa pamamagitan ng paghawak sa katawan ni Kazi, ipinagtapat Niya ang Kanyang tunay na katauhan. Ang Kazi, na napuspos ng kaligayahang debosyonal, ay lumuha at nawnawaan na si Sri Chaitanya bilang Pinakamakapangyarihang Katauhan ng Panginoong Diyos. Sa gayon, siya ay sumuko sa Panginoon at buong-pusong sinuportahan ang mga gawaing *Sankirttan* ni Sri Chaitanya.

Masidhing ipinagpatuloy ni Sri Chaitanya Mahaprabhu ang pagpapalaganap ng pag-awit ng *Mahamantra*. Nagsimula Siya sa masiglang *Sankirttan* sa pagdiriwang sa tahanan ni Srivas Pandit. Doon ay nangaral Siya, umawit, sumayaw at nagpamalas ng ilang banal na emosyon kasama ng Kanyang pinakamalalapit na kapanalig at tapat na tagasunod.

ANG MAHAMANTRA

Winika ni Sri Chaitanya Mahaprabhu, “Naririto ako upang pasinayaan ang pag-awit ng Banal na Pangalan ni Krsna, at ang Pangalan na iyon ay mararating ang bawat sulok ng sanlibutan.”

Ang pag-awit ng *Hare Krsna Mahamantra*, ang pinakadakila sa lahat ng mga dakilang *mantras*, ay ang *yuga dharma* o ang proseso ng pagkaunawa sa Diyos sa *Kali-yuga*. Ito ay espesyal na inirekomenda para sa panahong ito. Ang lahat ng mga pamamaraan tulad ng *karma*, *jnana* at *dhyana* ay hindi magiging mabunga sa panahong ito kung ang buong kapaligiran ay hindi akma para sa pamumuhay na ispiritwal. Ang Banal na Pangalan at ang banal na katauhan ay iisa. Ang Kanyang Pangalan ay hindi materyal na tunog lamang ngunit isang kumpletong ispiritwal. Ipinagkaloob ito ni Sriman Mahaprabhu bilang kabuuang rekomendasyon para sa lahat, kwalipikado man o hindi. Ang utos ng Panginoon sa Kanyang mga deboto ay palagi ang awitin ang *mantra* at pag-iwas sa sampung kasalanan sa Kanyang Pangalan na nabanggit sa *Padma Purana*. Sa pamamagitan ng mahigpit na pagpasunod ng utos na ito, wala ng iba pang prinsipyong pangrelihiyon na susundin. Ang pinakamataas na ispiritwal na pagkabuhay ng kaluluwa ay mauunawaan lamang sa pamamagitan ng pag-awit ng *mantra*.

Ilan sa mga luwalhati sa Banal na Pangalan ay nabanggit sa iba't-ibang *Puranas*:

Lord Chaitanya ang Engkarnasyon ng Banal na Pag-ibig

**harer nama harer nama harer namaiva kevalam
kalau nasty eva nasty eva nasty eva gatii anyatha**

Brhad Naradiya Purana

“Ang Banal na Pangalan, ang Banal na Pangalan, ang tanging Banal na Pangalan! Kung walang pag-awit ng Banal na Pangalan, sa Panahon ng Kali, tiyak na walang paraan ng pagkakaligtas. Walang ibang paraan, walang ibang paraan, walang ibang paraan.”

**go-koti-danam grahane khagasya
prayaga-gangodaka-kalpa-vasah
yajnayutam meru-suvarna-danam
govinda-kirter na samam satamsaih**

Skanda Purana

“Ang paghahandog ng sampung milyong baka sa panahon ng solar eklipse, ang paninirahan ng sanlibong taon sa mga banal na pook tulad ng Prayag, at iba pa, kung saan ang sagradong *Ganges* ay dumadaloy, ang pagpapamalas ng sampung libong sakripisyo at paglalaan ng malabundok na ginto, ay hindi kailanman matutumbasan ang isandaang bahagi ng karampot na pagnanais na makaawit ng walang katapusang kaluwalhatian ng Pinakamakapangyarihang Panginoong Govinda.”

**sahasra-namnam punyanam
trir avrttya tu yat phalam
ekavrttya tu krsnasya
namaikam tat prayachchhati**

Brahmanda Purana

“Ang minsang pagsambit ng tanging Pangalan ni Krsna, ay katumbas ng pagkakamit ng parehong kabutihan na makukuha sa pagbigkas nang tatlong beses sa sanlibong pangalan ng Panginoong Vishnu.”

Lord Chaitanya ang Engkarnasyon ng Banal na Pag-ibig

**kaler dosa-nidhe rajann
asti hy eko mahan gunah
kirtanad eva krsnasya
mukta-sangah param vrajet**

Bha: 12.3.51

“O aking Hari, ang Panahon ng Kali ay isang karagatan na di mapalad, ganunpaman, mayroon itong kapuri-puring katangian: sa panahong ito, sa pamamagitan lamang ng pag-awit (chanting) ng kaluwalhatian ni Sri Krsna, ang kaluluwa ay mapalalaya mula sa pagkakabilanggo kay *Maya* at makakamtam ang kanlungan ng mismong Panginoon.”

**prabhu bale-kahilan ei mahamantra
iha japa giya sabe kariya nirbbandha
iha haite sarvva-siddhi haibe sabara
sarvva-ksana bolo, ithe vidhi nahi ara**

Chaitanya Bhagavat: Madhya-lila 23.77.78

“Winika ng Panginoon, “Sinabi ko sa inyo itong *Mahamantra*, kaya’t bawat isa ay umaawit ngayon nang may wastong antas . Sa pamamagitan nito, lahat kayo ay magkakamit ng perpekasyon. Walang ibang pamantayan kundi ang umawit sa bawat pagkakataon.”

**madhura-madhuram etan mangalam mangalanam
sakala-nigama-valli-sat-phalam chit-svarupam
sakrd api parigitam sraddhaya helaya va
bhrguvara nara-matram tarayet krsna-nama**

Skanda Purana

“Ang Banal na Pangalan na ito ang kabuluhan ng lahat ng mabuting kapalaran, ito ay mas matamis sa matamis, at ang walang hanggang banal na bunga ng sanga ng lahat ng mga *Vedas*. O, pinakamagaling sa *Bhargavas*, iyong Banal na Pangalan ni Krsna ay madaling masasagip ang bawat isa na

umaawit ng papuri, iyong, walang kasalanan, kung ginagawa man nila ito ng may pananampalataya o balewala lamang.”

SANNYAS INITIATION

Sa Kanyang pangangaral, patuloy na nakararanas ng mga iba't-ibang kalapastanganan at pananakot mula sa mga materyoso at mapanlinlang na mga mangangaral at iskolar ng Nabadwip. Ito ang dahilan upang isaalang-alang Niya ang *sannyas* upang maiwasan ang mga hindi deboto na patuloy na linlangin siya at ang mga Vaisnavas, at sa ganitong paraan, nailigtas sila mula sa pagkaranas ng mala-impyernong reaksyon. Ang tao sa kabuuan ay higit na makagagawa ng paghahandog ng paggalang sa *sanyyasi*; kung kaya't natutulungan Siya na dalhin ang Kanyang mga mensahe. Dahil sa desisyong ito, umalis Siya upang magtungo sa Katwa kung saan nilapitan Niya si Kesava Bharati Maharaj para sa *san - nyas*. Habang pumapatak ang mga luha sa mata ng nakakarami, si Nimai Pandit sa edad na dalawampu't apat ay hinayaang maahit ang Kanyang magandang buhok. Ang pagiging *sanyyas* ay naganap at ang pangalang Sri Krsna Chaitanya ay ipinagkaloob sa Kanya.

Pagkaraan ng Kanyang *sanyyas*, Siya ay hinikayat na bisitahin ang tahanan ni Sri Adwaita Prabhu sa Santipur. Ang Kanyang ina, si Sachidevi, ay dinala doon para makita ang Kanyang anak. Napuno ng kasiyahan at kalungkutan ang kanyang puso pagkakita sa kanyang anak na nakasuot ng damit *san - nyasi*. Ang Panginoon ay lumuhod sa paanan ng Kanyang minamahal na ina para sa kanyang pagpapala. Hiniling niya sa Kanyang anak na sa Jagannath Puri ang gawin Niyang punong himpilan sa halip na sa Vrndavan, dahil mas madali

sa kanya na makarinig ng balita ukol sa Kanyang mga gawain. Buong-pusong tinanggap ni Mahaprabhu ang kahilingan ng ina.

Ang Banal na Pagbubunyag kay Sarvabhauma Bhattacharyya sa Puri

Pagkarating Niya sa Puri, dali-daling nagpunta Siya sa Templo ni Panginoong Jagannath. Pagkakita sa transcendental na anyo ng Kabanalan, ang Panginoon ay namangha at nawalan ng malay. Siya ay dinala sa tahanan ni Sarvabhauma Bhattacharyya, kilalang *Vedanta pilosopo* ng paaralang Sankaracharya.

Si Bhattacharyya ay halos kasing-edad ng ama ni Panginoong Chaitanya. Siya ay nagpakita ng pangangalaga sa batang *san-nyasi* at hiniling na pag-aralan ang *Vedanta-sutra* sa kanya upang makatulong na panatilihin ang Kanyang buhay sa pagiging sannyas. Buong pagpapakumbaba Siyang sumunod at matiyagang nakinig para sa pitong sunud-sunod na araw habang ipinaliliwanag ni Bhattacharyya ang *sutras* nang naaayon sa paaralan ng *Mayavada* ng Sankaracharya. Sa ikawalong araw, nang tanungin ni Bhattacharyya kung bakit ang Panginoon ay nanatiling tahimik at hindi nagtanong tungkol sa kanyang mga paliwanag, sinabi ng Panginoon, “O, Ginoo, hiniling mo sa Akin na makinig at ginagawa Ko, subalit hindi ko maintindihan bakit ka nagkakaroon ng agam-agam para magbigay pa ng ibang kahulugan. Ang direktang kahulugan ay malinaw na at hindi maitatanggi.”

Tinukoy Niya ang maraming kakulangan ng impersonal na pilosopiya ni Sankaracharya at ipinamulat na ang *Srimad-Bhagavatam* ay natural na komentaryo ng *Vedanta-sutra*. Pinagsama-sama ito ni Vyasadeva noong panahon ng kasibu-

lan ng kanyang pagkaunawang ispiritwal, sa pamamagitan ng biyaya ng kanyang Banal na Guru na si Narada, upang ipaliwanag ang pilosopiya ng *Bhakti-yoga* para sa pagkau-nawa at kabutihan ng lahat.

Ipinaliwanag ng Panginoong Chaitanya ang tatlong katan-gian – ang *Brahman*, ang *Paramatma*, at ang aspetong *Bhagavan* - ng Tunay na Kabuuan. Maliwanag na ipinagkaloob Niya ang pagkaunawa na ang impersonal na katangian o ang walang anyong *Brahman* ay hindi ang pinakamataas na pagkaunawa. Higit sa katangiang impersonal ay ang aspetong *Paramatma*, at higit dito, iyon ang aspetong person-al, na anyong transcendental ng Panginoon o *Bhagavan*.

Ipinaliwanag pa ni Panginoong Chaitanya na ang pagtatatag muli ng walang hanggang ugnayan sa Bhagavan ay matata-mo lamang sa pamamagitan ng landas ng *Bhakti*, o paglil-ingkod debosyonal sa Panginoon. Ito ang *sanatan dharma* o walang hanggang relihiyon, ang hangarin ng buhay at pinakamataas na panuntunan ng bawat buhay na nilalang.

Sa pagkaunawang impersonal, ang hangarin ng tao ay nakaayon sa pakikipagkaisa sa *brahmajyoti*. Ang *brahmajyoti* ay ang liwanag na nagniningning mula sa katawang transcendental ng Pinakamakapangyarihang Panginoon. Gayundin, ang *mayavadi* ay tumangging tanggapin ang any-ong transcendental, na naging dahilan ng paglalaan ng higit na maling paghahandog ng paglilingkod sa sangkatauhan sa pamamagitan ng pananaw na impersonal sa Pinakamakapangyarihang Panginoon at ang bahaging pagkaunawa sa mga buhay na nilalang bilang katulad Niya.

Pagkatapos ay ipinaliwanag ni Panginoong Chaitanya ang *achintya-bhedab-heda-tattva*: ang walang hanggang katoto-hanan na ang buhay na nilalang ay kaisa, at kakaiba mula sa, Pinakamakapangyarihang Panginoon. Si Sarvabhauma

Bhattacharyya ay lubos na naligayahan sa paliwanag ng Panginoon at dagliang naunawaan na siya ay sumusubok na utusan ang mismong Pinakamakapangyarihang Panginoon. Alam niya nakagawa siya ng matinding kasalanan at lumuhod siya sa paanang lotus ng Panginoon. Sa pagpapababa ng kanyang kalagayan, nagpapakumbaba niyang hiniling kay Panginoong Chaitanya na pagpalain siya ng Kanyang biyaya. Si Sriman Mahaprabhu, sa pagtanggap Niya ng pagpapakumbaba ng ganoong kadakilang iskolar, ay ipinamalas ang Kanyang anim na nakasandatang anyo ng *Sadbhuja*, na nagpapakita ng dalawang braso ni Krsna na naglalaro ng Kanyang pluta, ang dalawang braso ni Ramachandra na may palaso at pana at ang Kanyang dalawang braso na may dala ng *danda* at ang *kamandalu* ng isang *sanyasi*. Si Bhattacharyya pagkatanggap ng mga espesyal na biyaya mula kay Mahaprabhu, ay naging isa sa mga kinikilalang Vaisnavas. Nang ang Balitang ito ay kumalat sa buong kapuluan, ang buong Orisa ay umawit ng papuri kay Sri Krsna Chaitanya.

Pagkatapos ng pagbabago ni Sarvabhauma Bhattacharyya, si Sri Chaitanya ay nagdesisyon na habaan pa ang Kanyang misyong pangangaral sa Timog India.

ANG PAGLALAKBAY NI SRI CHAITANYA SA TIMOG INDIA

Si Sri Chaitanya Mahaprabhu ay nagpunta sa Timog India sa isang kakaibang paglalakbay. Siya ay sinamahan ng iisa lamang deboto, na nagnangalang Krsna Das. Habang naglalakad sa daan, madalas awitin ni Mahaprabhu ang:

**rama raghava rama raghava
rama raghava raksa mam
krsna kesava krsna kesava
krsna kesava pahi mam**

Habang inaawit ito, ay binisita Niya ang mga banal na pook paglalakbay at binago ang maraming naninirahan at iniligtas sila. Sa pamamagitan lamang ng paghaplos Niya sa mga banal na pook na iyon ng Kanyang paanang lotus, ginawa Niya ang mga ito na mga dakilang pook paglalakbay.

Sa Timog India mayroong iba't-ibang katagorya ng mga man-anampalataya. Ang iba ay naghahanap ng kaalaman, ang iba ay mga manggagawa, at ang karamihan ay hindi deboto. Kung sila ay Vaisnavas, kaugalian na ang sumamba sa Panginoong Ramachandra o Narayan. Ang iba ay *tattvavadis*, at ang iba ay tagasunod ni Sri Ramanuja Acharyya. Mayroong mga lohiko na sumusunod kay *Gautama*. Ang iba ay sumunod sa pilosopiyang *mimamsa* ni Jaimini; ang iba pa ay tagasunod ng *mayavada* ng pilosopiyang Sankaracharyya, at ang iba

ay *sunyavadis, Buddhists*. Ang iba ay sumusunod sa pilosopiyang *sankhya* ni Kapila o ang misteryosong sistema ng yoga ng Patanjali. Marami pang iba ay tagasunod ng *smrti-sastra*, ang *puranas* at ang *tantra-sastra*. Lahat ng mga mananampalataya ay nakahandang ipakita ang mga koklusyon ng kani-kanilang Kasulatan, subalit si Sri Chaitanya Mahaprabhu ay dinurog ang lahat ng kanilang opinyon at itinatag ang Kanyang sariling mga turo sa *bhakti* nang naaayon sa *Vedas*, *Vedanta*, ang *Brahma-sutra* at ang pilosopiya ng *achintya-bhedabheda-tattva*. Marami sa mga taong ito ay isinuko ang kanilang sariling opinyon at naging Vaisnavas, mga deboto ni Krsna, at nagsimulang umawit ng *Mahamantra*.

Ang unang binisita ni Panginoong Chaitanya ay ang dakilang templo na kilala sa tawag na Jiyara-nrsimha-ksetra. Naghandog Siya ng papuri sa Diyos, si Nrsimhadev, sa pamamagitan ng pagsambit ng mga linya mula sa *Srimad-Bhagavatam*.

Pagkatapos nito, ang Panginoon ay nagtungo pa sa bahaging Timog. Pagkakita sa Ilog Godavari at mga naggagandahang puno, ang Panginoon sa Kanyang kaligayahan ay naramdaman ang Kanyang sarili na parang nasa Ilog Yamuna sa kagubatan ng Vrndavan.

Sa Kovvur, sa tabing-ilog ng Godavari, nakilala Niya si Ramananda Raya, ang Gobernador ng Vidyanagar. Nagkaroon Siya ng malalim at magandang pilosopikal na pag-uusap sa kanya na ipinagtatapat, bawat hakbang, ang magkakaibang antas ng kaganapan sa debosyonal na paglilingkod, hanggang sa *Prema Bhakti*. Ang bantog na pag-uusap na ito ay kilala sa tawag na "*Ramananda-samvad*" sa *Chaitanya-charitamrta*. Iyon ay isang napakatinding pag-uusap, na kahit iyon ay maituturing na punong kabutihan ng lahat ng aral ni Sri Chaitanya. Dahil doon, biniyayaan ng Panginoon si

Ramanada Raya sa pamamagitan ng pagbubunyag ng Kanyang kaanyuan bilang kombinasyon nina Radha at Krsna. Nanirahan na siya sa Puri kung saan siya ay naglingkod sa Panginoon bilang isa sa mga malalapit, at walang hanggang kasamahan.

Habang binibisita ng Panginoon ang Kurmaksetra, gumawa Siya ng isang himala ng pagpapagaling sa isang ketongin na nagngangalang Vasudeva na dakilang deboto Niya. Kung mayroon man uod na babagsak sa lupa galing sa bukas niyang sugat, dadamputin ito ni Vasudeva at ibabalik niya sa sugat para hindi mamamatay ang mga uod. Buong pagmamahal na niyakap siya ni Mahaprabhu, gumaling ang kanyang ketong, at ang kanyang katawan ay naging maganda.

Dito din, pinalaya ng Panginoon ang *brahmana* na kilala bilang Ramadasa mula sa maling pagkaunawa na ang puri ni Sitadevi ay namantsahan ng haplos ng demonyong si Ravana. Binigkas ng Panginoon ang *Kurma-Purana* at pinatunayan na ang banal na paglalaro ng Panginoon ay lampas sa maling pagkaunawang materyal, at ang kadalisayanan ng transendental na katawan ni Sita ay hindi kailanman maaapektuhan ng makamundong kontaminasyon.

Sa banal na pook ni Sri Ranga-ksetra, nakilala ni Sri Chaitanya ang isang *brahmana* Vaisnava na araw-araw na bumibisita sa templo at binibigkas ang buong teksto ng *Srimad Bhagavad-gita*. Dahil sa maling pagbigkas siya ay madalas na punahin at pagtawanan ng iba subalit hindi ito ang nakahadlang sa kanya para hindi ipagpatuloy ang kanyang pagbigkas. Habang nagbabasa, madalas niyang maranasan ang matinding kaligayahang transendental. Ang buhok sa kanyang katawan ay nangingilabot, mga luha ay pumapatak, at ang katawan ay nanginginig sa pagbabasa.

Pagkakita nito, naging maligaya si Sri Chaitanya Mahaprabhu at tinanong kung bakit nararanasan niya ang ganoong pakiramdam habang nagbabasa ng *Bhagavad-gita* at anong berso ang nagbigay sa kanya ng kaligayahang transcendental. Sumagot ang *Brahmana*, “Isa akong mangmang at wala akong alam na kahulugan ng mga salita at ang aking pagbigkas ay mali, subalit sa pagsunod sa mga utos ng Aking Banal na Guru, ako ay tapat na bumibigkas. Sa katunayan, sa pagkakita ko pa lamang sa Panginoong Krsna na nakaluklok sa karosa(chariot) na siyang karosero(charioteer) ni *Arjuna*, ako ay napuno ng nakalululang kaligayahan. Sa paghawak Niya sa renda(rein), ang Kanyang itim na anyo ay nagpamalas ng lahat ng atraksyon. Ito ang dahilan kung bakit araw-araw kong binabasa ang *Bhagavad-gita* at ang isip ko ay hindi maaaring abalahin ng kahit anuman.” Sinabi ni Sri Chaitanya Mahaprabhu, “Tunay na ikaw ay karapat dapat na mamabasa ng *Bhagavad-gita*. Anuman ang nararamdaman mo ay nagpapakita ng tunay na hangarin ng *Bahgavad-gita*.”

Kahit na hindi siya isang iskolar ng Sanskrit, dahil sa kanyang natural na damdaming debosyonal at sa pamamagitan ng biyaya ng kanyang Guru, ang mangmang na *brahmana* ay nakaranas ng mga palatandaang debosyon sa Panginoon. Kaya’t siya ay higit na karapat dapat kaysa sa isang nakababasa nang tama sa Kasulatan, at nakamtam niya ang pinakamahalagang hangarin ng pagbabasa ng *Gita*.

Niyakap ng Panginoon ang *brahmana*. Ang *brahmana*, habang yakap ang paanang lotus ng Panginoon, ay nagsimulang umiyak. Naramdaman niya ang Panginoong Chaitanya ay walang pinag-iba sa Panginoong Krsna. Si Sri Chaitanya pagkaraan ay ibinunyag ang Kanyang transcendental na katauhan sa *brahmana* at hiniling na huwag munang sabihin kahit kanino ang katotohanan na Siya mismo ang Panginoong Krsna. Ang *brahmana* ay naging dakilang deboto ni Sri

Chaitanya Mahaprabhu, at nanatili sa Panginoon sa loob ng apat na sunud sunod na buwan.

Ang Panginoon ay muling nagpamalas ng himala sa pamamagitan ng paghaplos sa pitong puno ng *tal* (bunga ng palm) at dagliang alisin ang mga iyon at kung kaya’t sila ay napalaya. Sa mga punong ito ipinukol ni Panginoong Ramachandra ang kanyang pana at napatay ang dakilang Haring Bali.

Sa Sri Rangam, tumigil sa tahanan ni Vyenkata Bhatta si Mahaprabhu sa loob ng apat na buwan. Doon ay binago Niya ang buong pamilya ni Vyenkata mula sa pagiging Ramanuja Vaisnavas patungo sa pagiging Gaudiya Vaisnavas. Ang anak na lalake ni Vyenkata Bhatta, na nagngangalang Gopal, ay nagpunta sa Vrndavan sa huling bahagi. Siya ay kinilala bilang si Gopal Bhatta Goswami, isa sa mga Anim na Goswamis o mga santo, na naglilingkod sa ilalim ni Sri Chaitanya. Ang Panginoon ay lubos na nasisiyahan sa paglilingkod na ginagawa ng pamilya ni Vyenkata Bhatta sa kaniyang pagsamba kay Sri Sri Laksmi-Narayan. Pinaliwanagan ni Sri Chaitanya si Vyenkata Bhatta tungkol sa mga kalagayang superyor ng Panginoong Krsna na orihinal na katauhan ng Panginoong Narayan.

Ang pagbisita ni Sriman Mahaprabhu sa templo ng Adi-kesava ay napakahalaga. Natagpuan Niya doon ang pinakamatandang teksto ng *Vedic*, ang *Sri Brahma-samhita*. Dahil sa labis na kaligayahan sa pagkakatagpo ng Kasulatang ito, palatandaan ng lubos na pagbabago ay nakita sa Kanyang katawan. Ang *Brahma-samhita* ay ang pinakamakapag-yarihang pagbubunyag ng mga kaluwalhatian ng Panginoong Govinda na ipinahayag mismo ng Panginoong Brahma, na nagsimula sa malinaw na pagbubunyag:

**isvarah paramah krsnah
sach-chid-ananda-vigraha**

**anadir adir govindah
sarva-karana-karanam**

“Si Krsna, na kilala bilang si Govinda, ay ang Pinakamapangyarihang Panginoong Diyos. Siya ay walang kamatayan, puspos ng kaligayahan, may ispiritwal na pangangatawan. Siya ang pinagmulan ng lahat at pangunahing dahilan ng lahat ng mga dahilan.”

Sa katagalan, habang binibisita Niya ang ilog Krsna-venva, natuklasan Niya ang isa pang napakahalagang aklat na may pamagat na *Sri Krsna-karnamrta*. Sa aklat na ito, ang dakilang manunula sa Timog India, si Sri Bilvamangala Thakur, ay binigyang-papuri ang mga kahanga hangang paglilibang ni Sri Krsna sa Vraja. Si Sri Chaitanya Mahaprabhu ay lubos na nasiyahan ng matuklasan na ang Kanyang mga konsepto ay malalim na ipinahahayag sa dalawang aklat na iyon, na naging dahilan para magdala Siya ng dalawang kopya ng mga kayamanang ito na nagmula sa Timog India upang ipamahagi sa Kanyang mga deboto.

Binisita Niya ang sikat na Templong Tirupathi. Binisita din Niya ang maraming Templo ni Siva at ang Templo ng Siyali-bhairavi kung saan binago Niya ang mga sektang *Saiva* at *Sakta* at ginawang Gaudiya Vaisnavas. Naligo ang Panginoon sa lahat ng mga banal na ilog tulad ng Kaveri at Godavari, na nagpadalisay sa kanila.

Pinuntahan ni Sri Chaitanya ang ilan pang mga templo sa malayong Timog ng Kanya Kumari. Nagkaroon ng matagumpay na paglalakbay ang Panginoon sa Timog India kung saan Siya ay hinangaan ng mga kilalang nag-aral na tao, at tinitingnan nang may malalim na pananampalataya ng prinsipeng ministro. Pagkaraan ng dalawang taon, bumalik Siya sa Puri. Habang naglalakbay, tumigil Siya sa isang pook sa Maharashtra, kung saan pinaliwanagan Niya si Tukarama at

pagkatapos, siya mismo ay naging bantog na relihiyosong mangangaral. Ipinalaganap ni Tukarama ang gawaing *Sankirtan* sa buong kapuluan ng Kanlurang India.

ANG PAGBABALIK NG PANGINOON SA PURI – ANG PAKIKIPAGKITA KAY HARING PRATAPARUDRA

Pagkarating na pagkarating Niya sa Puri mula sa Timog na may marubdob na hangarin, nagpunta Si Sri Chaitanya Mahaprabhu kasama si Sarvabhauma Bhattacharyya sa templo upang makita ang Panginoong Jagannath. Pagkarinig ng pagbabalik ng Panginoon bawat isa sa Puri ay naghangad na makita Siya. Isa na sa kanila ang hari ng Orissa, si Maharaj Prataparudra.

Si Haring Prataparuda ay isang tapat na deboto ni Sri Krsna. Siya ay sumamba sa Kanya sa katauhan ni Jagannath sa tanyag na Templong Jagannath sa Puri. Dahil sa pagkakarinig ng mga kaluwalhatian ni Sri Chaitanya Mahaprabhu mula kay Sarvabhauma Bhattacharyya, ang hari ay labis ang paghahangad na makita Siya. Paulit ulit na tinanggihan ng Panginoon ang hiling ng hari para sa isang panayam sa pag-iisip na hindi nararapat para sa isang *sannyasi* na makipagkita sa isang tao na lubhang nalululong sa mga gawaing materyal. Subalit ang hari, sa kanyang determinasyon na makamit ang biyaya ng Panginoon, ay handang ipagpalit ang kanyang kaharian at isuko ang kanyang buhay.

Sa araw ng pagdiriwang ng Rathayatra, ang hari ay nagpamalalas ng karaniwang gawain na pagwawalis ng daan para sa

Panginoong Jagannath. Lubhang nasiyahan ang Panginoon pagkakita nito. Sa pamamagitan ng espesyal na pakikipagkasundo at payo ni Sarvabhauma Bhattacharyya, inalis ng hari ang kanyang makaharing damit, at nagsuot ng simpleng damit ng isang Vaisnava, siya ay lumapit sa Panginoon sa isang tagong halamanan malayo sa mga mata ng publiko. Ang dakilang deboto ay hinaplos ang paanang lotus ng Panginoon at binigkas ang mga linya tungkol sa *Rasa-lila* mula sa *Srimad-Bhagavatam*. Nang marinig ito ni Sri Chaitanya, Siya ay lubos na nasiyahan at hinikayat ang hari na ipagpatuloy ang pagbigkas. Pagkarinig Niya ng simula ng mga salita “*tava kathamrtam*,” ang Panginoon ay maligayang tinaggap at niyakap ang hari. Nang itanong ng Panginoon kung sino siya, sinabi niya na siya ay lingkod ng mga lingkod ng Panginoon at nagmakaawa sa Panginoon na maging mabuti sa kanya. Itinuloy ni Sri Chaitanya ang pagbibigay ng pagpapala sa hari, ngunit pinagbawalan siya na sabihin ang katotohanan sa kahit kanino.

Sa pamamagitan ng halimbawa ni Haring Prataparuda, pinakita ni Sri Chaitanya na ang tanging pagkakaroon lamang ng kababaang-loob ang makapaglalapit sa tao sa biyaya ng Panginoon. Sa *Bhakti-marga* ang mga deboto ay hindi naghahangad na maging kaisa ng Panginoon, sa halip tinanggap ang kalagayan na, “*Gopi-bhartuh pada-kamalayor dasadasanudasah*” – ang pinakamapagkumbabang lingkod ng mga lingkod ng Panginoon. Sa pamamagitan ng pagpapakumbaba, ang hari ay nakatanggap ng awa ng Panginoon. Kung kaya’t, malinaw na ang tunay na deboto ng Panginoon ay iyong patuloy na humahanap ng awa ng kanyang mga tunay na deboto kaysa sa mismong Panginoon agad. Sa ganitong pamamaraan, madali nang mapapalapit sa awa ng Panginoong Krsna.

ANG PAGLAHOK NI MAHAPRABHU SA SALIW NG KRSNA-LILA SA VRNDAVAN

Pagkaraan ng limang mahabang taon ng *sannyas*, nagdesisyon ang Panginoong Chaitanya na bisitahin ang Kanlurang Bengal. Pumunta siya upang makita ang banal na *Ganges*, ang Kanyang lugar kapanganakan at ang Kanyang ina sa huling pagkakataon. Dahil sa lubhang kagustuhan na makita ang presensya ng Panginoon, milyun-milyon, bata at matanda, ay binati siya. Lumikha sila ng ingay na may tuluy tuloy na pagawit sa Banal na Pangalan na umaalingawngaw sa bawat direksyon, kahit sa kabila pa ng kalangitan. Ang pagbabalik ng Panginoon pagkaraan ng matagal na pagkawala ay nakalunas sa matinding hapdi ng paghihiwalay na naranasan ng mga deboto simula pa sa Kanyang pag-alis pagkatapos ng *sannyas*. Biniyayaan Niya ang bawat isa at pinatawad ang maraming kasalanan at masasamang kaluluwa.

Ang sumunod na plano ng Panginoon ay bigyang-kaganapan ang Kanyang matagal ng pagnanais na makapaglakbay sa Vrndavan. Ang mga malalapit Niyang deboto, sa takot na mahiwalay sa Kanya ay alanganin na hayaan Siyang umalis. Nagmamakaawang humingi ng permiso mula sa kanila, ang Panginoon sa bandang huli ay hinanap ang landas patungo sa Vrndavan. Kasama ng isang deboto na nagngangalang Balabhadra Bhattacharyya, binisita ni Mahaprabhu ang Vraja.

Habang naglalakad sa masalimuot na daan ng kagubatang Jhadakanda sa kanyang paglalakbay patungo sa Vrndavan,

Mahaprabhu ay umaawit ng Banal na Pangalan ng Panginoon nang buong kaligayahan. Ang Kanyang mga banal na gawain at transendental na himig ay lubhang matamis, na kahit ang mga hayop na nasasalubong sa daan ay nahihikayat na umawit sa Banal na Pangalan at makisayaw sa Kanya.

Sa pagdating sa Ganges at Yamuna sa Prayag, ang Panginoon ay dali-daling tumakbo patungo sa tabing-ilog sa pagnanais na marating ang Mathura. Ang alaala ni Sri Chaitanya ay punung-puno ng mga banal na kaisipan ng Kanyang sariling paglilibang sa Vrndavan. Ito ang naging dahilan ng hindi mapigilang pakiramdam ng pagkawalay at nawalan Siya ng malay. Mabilis Siyang nakita ni Balabhadra Bhattacharyya, at dahan-dahan Siyang muling itinayo.

Sa pagdating sa Mathura, Si Sri Chaitanya ay binisita ang Templo ni Kesava sa lugar kapanganakan ni Krsna. Inihandog Niya ang Kanyang paggalang at panalangin sa Kabanalan. Si Mahaprabhu ay masayang umawit at sumayaw at gumawa ng maalingawngaw na ingay. Lahat ng tao ay namangha nang makita ang Kanyang debosyonal na pagpapahayag at nagkaroon ng matinding ingay nang magsimula silang umawit, “Hari! Hari!” Ang Panginoon ay hinandugan ng bulaklak ng Kabanalan na ipinagkaloob ng pari sa templo. Si Sri Chaitanya ay sumayaw sa kaligayahan, buong buong nawala ang anumang kamalayang eksternal, habang lumilisan sa Templo ni Kesava hanggang sa Kanyang pagdating sa Arit-grama.

Tinanong ng Panginoon ang mga tao roon kung saan matatagpuan ang Radha-kunda. Walang makapagsabi. Naunawaan na ng Panginoon na ang banal na pook na tinatawag na Radha-kunda ay hindi na matatagpuan. Subalit, bilang Pinakamakapangyarihang Panginoon, natuklasan

Niya ang Radha-kunda at Syama-kunda sa dalawang palayan. Sa kawalang pag-asa dala ng alon ng wagas na pag-ibig, ang Panginoon ay masiglang sumayaw, at inawit ang mga Banal na Pangalan. Nilapitan Niya ang banal na ilog at dali-daling naligo. Pinabanal Niya ang tubig at ipinakita na ito ang Sri Radha-kunda. Ang Panginoon ay naghandog pagkaraan nito ng panalangin para sa Sri Radha-kunda:

“Sa lahat ng Gopis, pinakamahalaga si Radharani. Gayundin, ang lawa na kilala sa tawag na Radha-kunda, kasama ang mga kahanga-hanga nitong transcendental na katangian ay pinakamahalaga sa Panginoong Krsna, kaya ang kanyang lawa, ang Radha-kunda, ay mahalaga din sa Kanya. Sino sa daigdig na ito ang makapaglalarawan ng kaluwalhatian at katamisan ng Sri Radha-kunda?”

Kaya’t naghandog ng panalangin sa Radha-kunda si Sri Chaitanya Mahaprabhu at sumayaw sa tabing ilog nang may pag-ibig bilang pag-alala sa mga paglilibang ni Panginoong Krsna na ginawa Niya sa tabing ilog ng Radha-kunda.

Pagkaraan ay nagpunta si Sri Chaitanya Mahaprabhu sa Lawa ng Sumanas. Nakita Niya mula roon ang Burol ng Govarddhan at lubos na naligayahan. Dali-daling nag-alay Siya ng paggalang, bumaba sa lupa tulad ng sanga. Niyakap Niya ang isang piraso ng bato mula sa Govarddhan at napuno ng kaligayahan. Doon, binisita Niya ang Templo ni Harideva at inihandog ang Kanyang paggalang sa Kabanalan. Dahil sa maligayang pag-ibig, si Sri Chaitanya ay nagsimulang sumayaw sa harapan ng Kabanalang Harideva. Nang mapakinggan ang mga kahang-hangang ginawa ng Panginoon, lahat ng tao ay pumunta upang makita Siya. Sila ay namangha nang Makita nila ang maligayang pag-ibig at banal na kagandahan ni Sri Chaitanya Mahaprabhu. Ang mga pari na naglilingkod sa Kabanalang Harideva ay nag-alay sa

Panginoon ng mabuting pagtanggap. Pagkaraan ay binisita ni Panginoong Chaitanya ang Brahma-kunda, at naligo doon.

Nakaramdam si Sri Chaitanya Mahaprabhu ng matinding pagnanasa na makita ang Kabanalan ni Gopal subalit hindi Siya handa na akyatin ang Govarddhan sapagkat ito ay pinagbabawal sa mga hindi *Vrajavasis* (mga naninirahan sa Vrndavan). Siya ay nag-iisip kung paano Niya makikita si Gopal Upang mabigyang-kaganapan ang hangarin ng Kanyang tunay na deboto, ang Panginoong Gopal ay gumawa ng istrategiya at nagdesisyon na bumaba Siya ng burol.

Isang araw, may dumating sa bayan at ipinaalam sa mga naninirahan, “Ang mga sundalong Muslim ay naghahanda na para sa pagsugod sa bayang ito. Tumakas na kayo ngay-ong gabi! Isama ninyo ang Kabanalan at umalis na kayo. Darating na ang mga sundalong Muslim bukas.” Pagkarinig nito, lahat ng mga naninirahan doon ay lubhang nangamba. Kinuha muna nila si Gopal at dinala Siya sa isang bayan na kilala sa tawag na Ganthuli.

Habang naliligo si Sri Chaitanya sa lawa na tinatawag na Govinda-kunda, narinig Niya na ang Kabanalang Gopal ay pumunta sa Ganthuli-grama. Napuspos Siya ng tuwa at pinuntahan ang Kabanalan sa Ganthuli. Pagkakita ng Panginoon sa kagandahan ng Kabanalang Gopal, siya ay agad na napuno ng maligayang pag-ibig. Bumigkas Siya ng mga tula bilang pagbibigay-puri sa Kabanalan at umawit at sumayaw hanggang sa natapos ang buong maghapon. Ang mga masayang nagkakatipon na tao ay umawit din para sa transcendental na Pangalan ni Krsna, “Hari! Hari!” Nagkaroon Siya ng *darsan* ng Kabanalang Gopal sa loob ng tatlong araw. Sa ikaapat na araw, bumalik ang Kabanalan sa Kanyang templo sa burol. Kaya’t ang Kabanalang Gopal ay lubos na

nasiyahan sa pagnanais ni Sri Chaitanya Mahaprabhu.

Bago magpaikot-ikot sa Burol ng Govarddhan, naligo muna si Mahaprabhu sa lawa na tinawag na *Manasa-ganga*. Pagkakita pa lamang sa Burol ng Govarddhan, napuspos na agad si Sri Chaitanya ng pag-ibig para kay Krsna. Habang maligayang sumasayaw, binigkas Niya ang mga sumusunod na berso:

“Para sa lahat ng mga deboto, ang Burol ng Govarddhan ang pinakamagaling! O Aking mga kaibigan, ang burol na ito ay pinagkakalooban sina Krsna at Balarama, gayundin ang mga baka at mga tagapag-alaga ng baka, pati na ang lahat ng mga kailangan – tubig na inumin, malalambot na damo, kweba, mga prutas at gulay. Dahil dito ang burol ay nag-aalay ng paggalang sa Panginoon. Maaliwalas ang Burol ng Govarddhan dahil sa paghaplos ng paanang lotus nina Krsna at Balarama.”

Pagkaraan ay nagpunta si Sri Chaitanya sa *Kesi-tirtha* kung saan nakita Niya ang pinagdarausan ng *RasaDance*. Sa labis na maligayang pag-ibig na naramdaman, mainit na luha ang pumatak mula sa Kanyang mga mata at nawalan ng malay. Nang magbalik sa kamalayan, nagsimula Siyang magpagulung-gulong sa lupa. Minsan Siya ay tatawa, iiyak, sasayaw, magpapatihulog at aawit din ng napakalakas, at lalahok sa malalim na damdaming transcendental.

Hanggang ngayon, mayroon isang punong tamarindo na nagngangalang *Tentuli-tala*, na naroroon na mula pa sa panahon ng paglilibang ni Panginoong Krsna. Sa katabing lugar ay dumadaloy ang Ilog ng Yamuna at malamig na hangin ang umiihip. Noon ay madalas na umupo sa ilalim ng punong tamarindo si Sri Chaitanya Mahaprabhu at umaawit ng Banal na Pangalan. Napuno ang isip ng Panginoon ng mga alon ng Yamuna na animo’y nagsasayaw pati na din ang Kanyang mga sikretong paglilibang sa tubig kasama ang Gopis, at ang

pag-agaw sa Kanyang buong pananatili. Ang pook na ito ay ang pinagmulan ng *Gaura-tattva* sapagkat ito ay kung saan ang Panginoong Krsna ay matinding lumahok sa banal na damdamin ni Srimati Radharani. .

Dahil sa maraming tao na madalas bumibisita sa Kanya, ang Panginoon ay hindi makaawit nang tahimik ng Banal na Pangalan. Kaya’t Siya ay pumunta sa isang tagong lugar kung saan maaari Siyang umawit nang tahimik ng Banal na Pangalan hanggang sa tanghali. Pagdating ng tanghali, pinayagan na Niya ang mga tao na bisitahin Siya. Pinaliwanagan ng Panginoon ang mga tao sa kahalagahan ng pag-awit para sa Banal na Pangalan.

Sa panahong ito, isang Vaisnava na nagngangalang Krsnadasa ay dumating upang makita si Sriman Mahaprabhu sa Imli-tala. Pagkakita sa magandang anyo at maligayang debosyon ng Panginoon, nagbigay-galang siya sa Kanya. Sinabi niya sa Panginoon na nanaginip siya, at ayon sa kanyang panaginip siya ay nagpunta roon at nakita Siya. Pagkatapos noon ay pinagkalooban ni Mahaprabhu si Krsnadasa ng Kanyang walang hanggang awa sa pamamagitan ng pagyakap dito. Napuspos ng maligayang pag-ibig nagsimula Siyang sumayaw, at umawit ng Banal na Pangalan ni Hari. Kaya’t isinuko ni Krsnadasa ang kanyang buhay-pamilya upang manatili sa piling ni Sri Chaitanya.

Naglakbay si Sri Chaitanya Mahaprabhu sa labindalawang kagubatan ng Vrndavan at nagpaikot-ikot sa rehiyon ng Mathura papunta sa kakahuyan ng Tala, Kumuda at Bahula. Binisita din Niya ang Nandagram kung saan ginawa ng Panginoong Krsna ang Kanyang mga paglilibang noong Siya ay bata pa at iba pang mga pook libangan ng Panginoong Krsna bilang pagkukumpleto sa kabuuan ng Kanyang paglalakbay sa Vrndavan. Pagkaraan ay nagdesisyon na

Siyang bumalik sa Puri.

Habang daan pabalik sa Puri mula sa Vrndavan, si Mahaprabhu ay bumaba sa Prayag (Allahabaad) upang gawin ang ilan sa mga Muslim na maging Vaisnavas sa pama-magitan ng pagpapahayag ng mga argumento mula sa Koran. Ang mga nagsipagbago ay kilala pa hanggang sa kasalukuyan na mga Pathan Vaisnavas.

ANG MGA PINAKAMAMATAS NA KAPANALIG NG PANGINOON

Ang una at pangunahing punong kapanalig ni Sri Chaitanya ay ang Kanyang plenary ekspansyon, si Sri Nityananda Prabhu. Si Nityananda Prabhu ay walng iba kundi si Sri Balarama, ang nakatatandang kapatid ni Krsna sa Vrndavan-*lila*. Gayundin kabilang sa mga pangunahing kapanalig ay ang Kanyang Mahavisnu-Sadasiva avatar ekspansyon na si Sri Adwaita Acharyya; Ang Kanyang internal potency na si Sri Gadadhara Pandit; at ang Kanyang marginal potency na si Srivas Pandit. Sa gitna nila ay Siya na Pinakamakapangyarihang Panginoon at silang lahat ay kilala sa tawag na *Panch-tattva*, ang Limang Mukha ng Katotohanan (Five-fold Truth).

Kung gayon ang kaluwalhatian ng Panginoon ay kumpleto kapag sila ay tinatawag lahat sa *Pancha-tattva Mantra*. Ang mantra ay inaawit bago magsimula ang isa na awiting ang *Hare Krsna Mahamantra*:

**sri-krsna chaitanya prabhu nityananda
sri-adwaita gadadhara srivasadi-gaura-bhakta vrnda**

Si Nityananda Prabhu

Kahit na si Nityananda Prabhu ay walang iba kundi si Sri Baladev sa Krsna-*lila*, palagian pa din Niyang pinapakita ang

Kanyang sarili bilang walang hanggang lingkod ng Panginoong Chaitanya. Minsan pinaglilingkuran ni Nityananda Prabhu ang Panginoong Chaitanya bilang Kanyang Guru, minsan bilang Kanyang kaibigan at minsan bilang Kanyang lingkod, tulad ng ginawang pakikipaglaro ng Panginoong Balarama kay Panginoong Krsna sa tatlong magkakaibang pamamaraan sa *Vraja-lila*. Ipinamamalita ni Nityananda Prabhu ang awa ng Panginoong Chaitanya sa lahat ng mga naliligaw ng landas, kasama na ang mga manlilinlang, nang walang pinipili. Itinuturing niya na ang sinumang umawit ng Pangalan ng Panginoong Chaitanya ay ang Kanyang buhay at kaluluwa.

Inatasan ni Sri Chaitanya si Nityananda Prabhu na magpalaganap ng Kanyang misyon sa Kanlurang Bengal. Inutusan Niya si Nityananda Prabhu na pumunta sa mga bahay bahay sa Kanlurang Bengal kung saan pinakamahirap mangaral, hilingin ang bawat isa na umawit ng Banal na Pangalan ni Krsna. Alam ni Nityananda Prabhu na ang mga tao doon sa kabuuan ay hindi mauunawaan nang maayos ang Krsna-*lila* at makagagawa ng kasalanan. Kaya't nagbahay-bahay si Nityananda Prabhu bilang manlilimos, nakikiusap sa mga tao sa Kanlurang Bengal na tanggapin ang Pangalan ni Gauranga, umawit ng:

**bhaja gauranga kaha gauranga
laha gaurangera namer
ye jana gauranga bhaje
sei amara prana re**

“Sambahin si Gauranga, wikain ang Gauranga, tanggapin ang Pangalan ni Gauranga – sinuman ang sumamba sa Kanya, ay ang Aking buhay at kaluluwa.”

Sa ganitong paraan, masayang sumayaw si Nityananda Prabhu nang may pag-ibig at inawit ang mga Pangalang ito

sa mga bayan ng Nadia. Ipinangaral Niya ang Pangalan ni Gauranga, sapagkat alam Niya na kung ang mga tao ay tatanggapin si Gauranga Mahaprabhu bilang kanilang Panginoon, paglilingkuran din nila si Sri Radha-Krsna sa Vrndavan.

Ang mga kaluwalhatianang transcendental ni Sri Nityananda Prabhu ay walang hanggan, ang limitadong isip ay hindi mauunawaan ang Kanyang Walang Hanggang Katauhan. Siya ay si Visnu-*tattva*, ang Sankarsana, ang pinagmulan ng lahat ng mga ekspansyon ng Kabanalan sa ispiritwal na daigdig. Siya rin ay si Guru-*tattva*, ang orihinal na katauhan ni Sri Guru. Kapag walang pagpapala ni Nityananda, walang sinuman ang makatatanggap ng awa ni Sri Gauranga Mahaprabhu.

Si Adwaita Acharyya

Si Adwaita Acharyya ang hindi nauunawaang pagsasama ng engkarnasyon nina Mahavisnu at Sadasiva. Siya ay itinuturing na pinakamatanda at ginagalang na Vaisnava sa Nadia. Siya ay nagpakita sa daigdig bago ang pagdating ni Sri Chaitanya. Natagpuan Niya ang mga tao na lubos na naaakit sa mga materyal na gawain. Dahil sa konsiderasyong ito, si Adwaita Acharyya na may masidhing hangarin na mapababa ang Panginoon ay sinamba ang Pinakamakapangyarihang Panginoong Krsna gamit ang dahon ng *Tulasi* at tubig ng Ganges. Sa pamamagitan ng Kanyang malakas na pag-iyak, dinala Niya ang Panginoong Chaitanya sa daigdig. Ang Kanyang kaluwalhatian ay walang hanggan.

Si Gagadhara Pandit

Sa Chaitanya-*lila*, si Sri Gadadhara Pandit ang engkarnasyon ni Srimati Radharani. Siya si *Gaura-premamaya*, ang lubos na katauhan ng pag-ibig ni Sri Gauranga Mahaprabhu, subalit sa labas ang Kanyang kalagayan ay pawang hindi tinataglay. Ang bahagi na Kanyang pinaglalaruan ay tulad ng kay Radharani, ang Kanyang puso ay napukaw ni Sri Krsna. Nagpakita si Gadadhara Pandit ng damdaming lubhang naakit kay Sri Chaitanya, na para bang wala ng iba pang pagpipilian kapag ang puso ng isa ay inialay na ng buo sa minamahal.

Sa mga huling taon ng Kanyang buhay si Sri Gadadhara Pandit ay nanirahan malapit kay Sri Chaitanya Mahaprabhu sa Jagannath Puri. Sinamba Niya ang Kabanalang Gopinath at binasa araw-araw ang *Srimad-Bhagavatam*. Si Sriman Mahaprabhu at Kanyang mga malalapit na tagapaglingkod tulad ni Swarupa Damodara at Ramananda Raya ang Kanyang mga tagapakinig. Si Sri Chaitanya, na nakararanas ng matinding sakit dala ng pagkakahiwalay kay Krsna, ay nakaramdam ng lunas sa pamamagitan ng pakikinig sa mga pagbigkas ni Gadadhara Pandit. Habang Siya ay nagbabasa, ang mga luha ay bumabagsak mula sa Kanyang mga mata tulad ng paghahandog ng mga bulaklak sa mga pahina ng *Srimad-Bhagavatam*.

Nang tumanda na Siya at hindi na makapagpamalas ng araw-araw na pagsamba kay Gopinath, Siya ay lubhang nanimdim dahil sa kawalan Niya ng kakayahan upang handugan ng bulaklak si Gopinath. Ang Kabanalan dahil sa Kanyang pagiging maawain sa Kanya, ay nagpakita sa posisyong nakaupo upang mahandugan Siya ng bulaklak ni Gadadhara. Hanggang ngayon, ang Kabanalang Gopinath ay nanatili sa Kanyang posisyong nakaupo.

Si Srivas Pandit

Si Srivas Pandit ay inilarawan bilang engkarnasyon ng daki-lang pantas na si Narada Muni. Nagdaraos araw-araw si Sri Chaitanya ng sama-samang pag-awit sa tahanan ni Srivas Pandit. Ang Panginoon ay nagkaloob ng iba't-ibang paglilibang sa kanyang tahanan at pinagkaloob ang pagpapala sa buong pamilya ni Srivas sa pamamagitan ng pagpakita ng Kanyang katauhan bilang si Narayan ng Vaikuntha. Hiniyakit din niya na magsalita ang patay na anak na lalake ni Srivas tungkol sa paglipat ng kaluluwa mula sa isang katawan patungo sa isa pa, kung kaya't inihayag ang kaalaman ng walang hanggang kaluluwa. Ito ay pagtitiyak sa nagdadalamhating pamilya ni Srivas Thakur na walang dahilan para manimdim sa namatay.

Si Haridas Thakur

Si Srila Haridas Thakur ay isa sa mga pinakamalapit at pinakamahalagang kapanalig ni Sri Chaitanya. Kinumpirma ng Panginoon na si Haridas Thakur ay ang engkarnasyon ng Panginoong Brahma, ang lumikha ng materyal na sanlibutan. Siya ay kilala bilang si *Namacharyya* sapagkat siya ang pinaka karapatdapat na mangaral ng kaluwalhatian ng pag-awit ng *Harinam*. Inaawit niya araw-araw ang Hare Krsna *Mahamantra* nang tatlong daang libong beses.

Pinalaki si Haridas Thakur sa isang pamilyang Muslim. Ang kanyang kahanga hangang ugali ang nagturo sa pamayanan ng tao na ang mga materyal na konsiderasyon tulad ng lahi, paniniwala, kapanganakan, posisyon at kalagayang pampamilya ay pansamantalang kalooban lamang. Kung ang isang tapat na deboto ng Panginoon ay ipinanganak sa mababang antas ng pamilya, hindi siya naiiba sa paggalang at

pagkilala sa isang tapat na deboto na nagmula sa mataas na lahi ng pamilyang *brahmana*. Sa kabilang banda, kung ang isa ay ipinanganak sa isang mayamag pamilya subalit hindi naman sinasamba ang banal na Pangalan ni Sri Krsna, ang mataas na antas ng kanyang pagkapanganak ay balewala.

Malinaw na ipinahahayag ng mga kautusan ng Kasulatan na ang lahat ng mga buhay na nilalang ay tapat, walang hanggang kaluluwa, at ang lahat ng mga kalagayang pangkatawan ay pawang mga pagdaan lamang ng kawalang pagkaunawa o *Maya*.

Minsan, may isang pinunong Muslim na humuli sa dakilang Vaisnavang si Haridas at tinakot na papatayin kapag hindi niya isinuko ang pag-awit ng Banal na Pangalan, sumagot si Haridas Thakur, "Kahit na ang katawan ko ay putulin nang pira piraso at mawala ang aking buhay, hindi ko pa din isusuko ang pag-awit ko sa Banal na Pangalan ng Panginoon." Ang galit na galit na Kazi ay inutusan na hagupitin siya hanggang sa mamatay. Ang mga bantay ay hinagupit nang walang awa sa dalawampu't dalawang pook pamilihan, sublalit sa tulong ni Sri Chaitanya, hindi nakaramdam ng hapdi si Haridas Thakur at nagpakita ng kawalan ng kalungkutan dahil siya ay lumahok sa pag-alala sa Banal na Pangalan.

Sa loob ng kanyang pagsubok, ang tangi niyang hiling ay maging maawain ang Panginoon sa mga naghihirap na kaluluwa na humahagupit sa kanya, upang hindi sila maparusahan dahil sa kanilang ginawa. Sa huli ay nahikayat ang punong Muslim na si Haridas Thakur ay isang santo. Niluwalhati niya si Haridas Thakur at nagmamakaawang humingi ng tawad sa kanya. Iniwan ni Srila Haridas Thakur ang lugar na iyon at nanirahan sa Puri bilang malapit na kapanalig ni Sri Gauranga.

Ang hindi malilimutang pagkamatay ni Srila Haridas Thakur ay isang niluwalhating pagkakataon. Sa huling panahon ng kanyang buhay, kahilingan niya ang iwanan ang daigdig sa harapan ng Panginoong Chaitanya. Sinabi niya ang munting kahilingan sa Panginoon, na buong awa Nitong pinagbigyan.

Habang umaawit ng Banal na Pangalan ni Sri Chaitanya, ang kanyang mga matang nakatingin lamang sa mukha ng Panginoon, at ang paanang lotus ng Panginoon na namamahay sa kanyang puso, isinuko niya ang kanyang katawan sa kahanga hangang pamamaraan. Ang maluwalhating pagkamatay ni Haridas Thakur sa kanyang kagustuhan, ay nagpa-paalala sa bawat isa ng pagkamatay ni Bhismadev. Ang Panginoon mismo ang namuno ng huling ritwal ni Haridas Thakur sa pinakamagandang seremonya sa karagatan ng Jagannath Puri.

ANG MGA KAUTUSAN SA ANIM NA GOSWAMIS

Ang Anim na Goswamis, na sina Sri Rupa, Sri Sanatan, Sri Jiva, Sri Raghunath Das, Sri Raghunath Bhatta at Sri Gopal Bhatta, ang bumubuo ng bantog na posisyon sa mga deboto ni Sri Chaitanya Mahaprabhu. Binigyan ng Panginoon ng mga personal na kautusan ang bawat isa sa kanila na palaganapin ang Kanyang misyon sa Vrndavan. Binigyan sila ng tungkulin na hukayin ang mga nawawalang banal na pook ng mga paglilibang ni Krsna, para makapagtatag ng pagsamba sa Kabanalan, at makapagsulat ng mga aklat para sa debosyonal na paglilingkod. Hinati ni Sri Chaitanya ang Kanyang mga turong debosyonal sa tatlong magkakaibang kategorya: ang *sambhanda*- (relasyon), *abhidheya*- (kasanayan) at *prayojana-jnana* (pinakamahalagang kaganapan) at ipinamahala kina Sri Rupa, Sri Sanatan at Sri Raghunath Goswami, ang pamamahagi ng mga iyon. Sa mga turo ng lahat ng mga dakilang pinuno at Kasulatan ng daigdig ang mas mataas na pamantayan ay hindi matatagpuan.

Bawat isa sa mga Goswamis ay mayroong walang hanggang pagkakakilanlan bilang Manjari Gopi (batang babae na tagapag alaga ng baka) sa *Vraja-lila* ni Krsna.

Si Rupa Goswami

Sa loob ng magkakasunod na sampung araw, si Sri Chaitanya

Mahaprabhu ay nanatili sa Prayag at inutusan si Srila Rupa Goswami sa pamamagitan ng pagkakaloob sa kanya ng mga kinakailangang lakas upang maipalaganap ang Kanyang misyon sa daigdig. Sa pamamagitan ng hangaring transcendental ni Sri Gauranga Mahaprabhu na ang disciplic succession ng Kanyang misyon ay magpatuloy sa pagkakilanlang *Rupanuga-Sampradaya*. Sa mabuting panimula ng sikat na aklat na *Sri Bhakti-rasamrta-sindhu*, si Srila Rupa Goswami ay personal na nagpahayag ng biyaya na ipinagkaloob sa kanya ni Sri Chaitanya Mahaprabhu. Inilarawan sa kanya ng Panginoon ang kabuuan ng palatandaan ng debosyon na may espesyal na pagtutukoy sa *abhideya-jnana*, ang proseso kung paano ang isa ay makagagawa para sa pakikipag-ugnayan sa Panginoon sa pamamagitan ng pagsasanay ng sadhana ng buhay debosyonal. Dahil sa mga utos na iyon, ay naisulat pa ni Sri Rupa ang hindi mabilang na aklat ng *Bhakti* tulad ng *Sri Bhakti-rasamrta-sindhu*, *Upadesamrta* at iba pa.

Ipinaliwanag ng Panginoon kay Sri Rupa ang hindi madaling unawaing prinsipyo ng *achintya-bhedabheda-tattva*. Ang prinsipyong ito ay nagpapaliwanag ng tunay na kalikasan ng *jiva*(*kaluluwa*) bilang natatangi tulad ng Kabanalan, ngunit nabibilang tulad na lamang ng maliit na bahagi ng Kanyang kalakasan. Binigyan ni Sriman Mahaprabhu si Sri Rupa ng ilang mga kasabihan mula sa *Srimad-Bhagavatam* tungkol sa tapat na debosyon kay Sri Krsna. Inilarawan Niya ang dalawang uri ng pagpapalago ng *Bhakti*: ang *Vaidhi-bhakti* at ang *Raga-bhakti*. Ang *Vaidhi-bhakti* ay isa na sumasamba sa Kanya nang may matatag na pananampalataya bilang pagsunod sa mga kautusan ng mga Kasulatan. Ang *Raga-bhakti* ay isa na ganap na gising ang damdaming paglilingkod, na nakita sa mga kapanalig ni Sri Krsna sa *Vraja-lila*.

Si Srila Rupa Goswami ay nanirahan sa Vrndavan kasama

ang Kanyang kapatid na si Sanatan Goswami, upang mabigyang kaganapan ang mga hangarin ni Sri Chaitanya. Sa awa ni Sri Gauranga, at sa tulong ng iba't ibang Kasulatan, natuklasan nila at itinayong muli ang mga *tirthas* (mga banal na lugar) kung saan ang mga transendental na paglilibang ni Sri Krsna ay walang hanggang mananatili, at nawala lamang dahil sa impluwensya ng panahon.

Si Srila Rupa ay ang engkarnasyon ni Rupa Manjari, ang pinakamahalagang Gopi sa mga tagapaglingkod ni Srimati Radharani sa ispiritwal na daigdig. Sinasabi na kapag ang isa ay hindi tinanggap si Srila Rupa Goswami siya ay hindi makapapasok sa mga paglilibang ng Panginoong Chaitanya, at kung hindi tatanggapin si Rupa Manjari ang isa ay hindi makapapasok sa mga sikretong paglilibang nina Sri Sri Radha at Krsna.

Si Sanatan Goswami

Itinuturing ni Rupa Goswami si Srila Sanatan Goswami bilang kanyang Guru. Sa katotohanan, si Sanatan Goswami ay tulad ng Guru para sa lahat sa *Vraja-mandal*. Sa loob ng maraming taon nanirahan siya sa Vrndavan, siya mismo ay nakaranas ng maraming direktang pangyayari na nakapaloob sa walang hanggang *Lila* ni Sri Sri Radha Govinda.

Nakilala ni Srila Sanatan si Sri Chaitanya Mahaprabhu sa Varanasi kung saan tinuruan siya ng Panginoon ng lahat ng panloob na katotohanan sa teolohiya ng Vaisnava. Tinuruan siya tungkol sa *yukta-vairagya* (tunay na disiplinang ispiritwal), na nangangahulugang ang wastong paggamit ng lahat sa kapaligiran para sa paglilingkod lamang kay Sri Krsna, sa pamamagitan ng hindi pagiging materyal. Kinundena ni Sanatan Goswami ang huwad na pagsuko o pagrerenunsiya.

Minsan, habang naglalakbay sa kagubatan si Sanatan Goswami mula sa Vrdavan patungong Puri, nagkaroon siya ng sakit sa balat na may lumalabas na naninilaw na katas mula sa makakating sugat sa kanyang katawan. Dala ng takot na makasakit sa Panginoon na niyayakap siya araw-araw, nagdesisyon siya na patayin ang sarili. Nabasa ng Panginoon ang nasa isip ni Sanatan at sinabi sa kanya, “Kung makakamit ng tao si Krsna sa pamamagitan ng pagpatay sa sarili, tiyak na isusuko Ko din ang Aking katawan ng maraming beses, subalit ang iyong katawan ay ang Aking pag-aari at wala kang karapatan na sirain ang Aking pag-aari. Dahil sa iyong katawan, magagawa Ko ang Aking mga gawain.” Sa bandang huli ay niyakap ng Panginoon si Sanatan, at sa pagkagulat ng lahat ang mga sugat ni Sanatan ay dagliang nawala.

Sa Kasi, si Srila Sanatan Goswami ay nakatanggap ng direktang utos mula kay Mahaprabhu na tuklasin at ibunyag sa kanyang mga sulatin lahat ng mahalagang konklusyong pilosopikal, mga pangunahing prinsipyo ng debosyon at mga katangian ng tunay na Vaisnava. Pinagkalooban siya ng Panginoon ng espesyal na tungkulin ng pagtuturo ng *sambhandha-jnana*: ang kaalaman sa kaluluwa, ang kaalaman sa Pinakamakapangyarihang Panginoon at ang walang hanggang ugnayan sa Panginoon. Sumulat si Sanatan Goswami ng ilang mga aklat, kabilang na ang *Brhad Bhagavatamrtam* na kilalang kilala. Sumulat din siya ng komentaryo ng ika-sampung kanto ng *Srimad-Bhagavatam*, na kilala sa tawag na *Dasama-tippani* na kung saan ang mga paglilibang ng Panginoong Krsna at mga pamamaraan na maaaring tularan upang pagyamanin ng maligayang debosyon ay mauunawaan. Pinagkaloob din ni Sanatan Goswami ang *Hari-bhakti-vilasa* kung saan ang katangian ng deboto at ang buong hangganan ng tungkulin ng Vaisnava ay ipinaliwanag. Ang kanyang walang hanggang posisyon sa *Vraja-lila* ay ang Gopi

na si Rati Manjari.

Si Raghunath Das Goswami

Si Sri Raghunath Das Goswami ay nagpakita na ng kaibahan sa daigdig mula noong siya ay bata pa lamang. Maraming beses nang sumubok si Raghunath na tumakas upang maki-lala ang Panginoong Chaitanya, subalit sa tuwina siya ay naibabalik nang sapilitan ng mga bantay ng kanyang ama bago pa man siya makalayo. Pinayuhan ng kanyang ina ang kanyang ama na itali siya ng lubid, subalit sinabi ng kanyang ama, “Kung ang lubid ng kayamanan at ang hindi matutum-basang kagandahan ng asawa ay walang nagawa para maak-it siya, ano pa ang magagawa ng lubid na magtatali sa kanya?”

Sa awa na din nina Nityananda Prabhu at Mahaprabhu narat-ing niya ang Jagannath Puri kung saan namuhay siya sa isang napakasimpleng disiplinadong buhay *vairagya* sa ilalim ng paggabay ng Banal na Pinunong si Sri Swarupa Damodar sa Puri. Pagkaraan ng pagkawala ng Panginoong Chaitanya Mahaprabhu, si Raghunath Das, dahil hindi matagalan ang labis na kalungkutan dahil sa pagkakahiwalay sa Panginoon, iniwan ang Vrndavan na may matibay na desisyon na tatalon siya sa Burol ng Govarddhan at tatapusin na ang kanyang buhay. Dahil sa kagustuhan ng Panginoon, nakilala niya doon sina Sri Rupa at Sri Sanatan na naging daan upang matag-puang muli ng kanyang puso ang Panginoon. Dahil dito naramdaman niya ang kagustuhang mabuhay. Ipinamalas ni Srila Raghunath Das Goswami na ang pinakamataas at eksklusibong damdaming debosyon kay Sri Radhika, ang paghahangad ng Kanyang paglilingkod lamang.

Sa kanyang buhay pinakita ni Raghunath Das Goswami ang

pinakamahalagang halimbawa ng pagsuko sa debosyon. Pinagkalooban ni Sri Chaitanya Mahaprabhu si Raghunath Das ng tungkulin na ipamahagi ang kaalamang *prayojana-jnana*, na naging resulta ng pagsasanay ng debosyonal na paglilingkod: ang pinakamahalagang hangarin ng buhay, ang Krsna-*Prema*. Sumulat siya ng ilang mga kilalang aklat kasama na ang *Sri Gauranga-stava-kalpavrksha* at *Vilapa-kusumanjali*. Sa kanyang walang hanggang posisyon sa Vraja-lila, siya ay ang Gopi na si Rasa Manjari.

Si Jiva Goswami

Si Jiva Goswami ay anak na lalake ni Vallabha na nakaba-batang kapatid nina Sri Rupa at Sanatan. Una niyang nakilala si Sri Chaitanya Mahaprabhu sa Ramakeli kung saan nagkaloob ng awa ang Panginoon sa kanyang mga tiyuhin, sina Sri Rupa at Sanatan. Batambata pa siya noong mga pana-hon na iyon. Inutusan siya ng Panginoon na pag-aralan ang mga Kasulatan, at pag natapos na niya ang kanyang pag-aaral, magpunta siya sa Nabadwip Dham at doon niya matatanggap ang awa ni Nityananda Prabhu na magkakaloob sa kanya ng lahat ng kabutihan. Bilang pagsun-od sa utos ni Sriman Mahaprabhu, sa bandang huli, kahit bata pa lamang, ay iniwan ang tahanan at nakipagkilala kay Nityananda Prabhu sa Nabadwip Dham.

Dahil na din sa hiling ni Jiva Goswami, ibinunyag sa kanya ng Panginoong Nityananda ang natatagong katotohanan sa Nabadwip Dham subalit nangako na itatago ito na sikreto hanggang sa maipakita ang mga paglilibang ni Sri Chaitanya sa daigdig.

Isinama ng Panginoong Nityananda si Sri Jiva sa isang paglalakbay sa mga banal na pook ng Nabadwip Dham na

binubuo ng siyam na pulo. Sa pagkukumpleto ng paglalakbay, pinagkalooban siya ni Nityananda Prabhu ng banal na kalakasan at ipinadala sa Vrndavan. Sa kanyang paglalakbay sa Vrndavan, nagpakita si Sri Chaitanya sa kanyang panaginip at sinabi, “Pumunta ka sa Mathura at ipagkaloob ang iyong buhay sa paglilingkod sa Akin. Ipahayag ang mga Kasulatan ng debosyonal na paglilingkod sa ilalim ng pamamatnubay nina Sri Rupa at Sanatan na malalapit sa Akin. Sa ganitong paraan palagian mong makikita ang Aking mga paglilibang sa Vraja.”

Ang mga kontribusyon na nagawa ni Jiva Goswami sa Vrndavan ay hindi mabilang. Sa bandang huli, siya ang naging dakilang Vaisnava *Acharyya* pagkaraang mawala sina Sri Rupa at Sanatan Goswamis. Sumulat siya ng hindi mabilang na mga aklat at komentaryo. Ang pinakamahalagang kontribusyo niya ay ang *Sat-sandarbha* kung saan ipinaliwang niya ang mga kautusan ng mga dakilang pinuno na sina Sri Rupa at Sri Sanatan. Isa pang kilalang aklat ay ang *Gopal-champu*, kung saan ang walang hanggang paglilibang ng Panginoon ay buong inilarawan. Sa kanyang *Vraja-lila* siya ay walang iba kundi ang Gopi na si Vilas Manjari.

Si Raghunanth Bhatta Goswami

Si Sri Raghunath Bhatta Goswami ay anak na lalake ni Tapan Misra, na dakilang deboto ng Panginoon. Nang bisitahin niya ang Panginoon sa Jagannath Puri, pinanatili siya doon ni Sriman Mahaprabhu sa loob ng walong buwan bilang pagtanggap sa kanyang paglilingkod, sa pamamagitan ng awa ng Panginoon, si Raghunath Bhatta Goswami ay naramdaman ang kaligayahang transendental na nadaragdagan sa pagdaraan ng mga araw. Pagkaraan nito, inutusan siya ng Panginoon na bumalik sa kanyang tahanan at paglingkuran

ang matatanda, at tapat niyang magulang at basahin ang *Srimad-Bhagavatam* sa ilalim ng pamamanutbay ng tapat na Vaisnava. Bumalik siya sa Varanasi at pagkamatay ng kanyang magulang ay bumalik siya kay Sri Chaitanya Mahaprabhu sa Puri. Ang Panginoon ay inutusan siyang pumunta sa Vrndavan at inilagay ang kanyang sarili sa pangangalaga nina Sri Rupa Goswami at Sri Sanatan Goswami at awitin ang Banal na Pangalan ni Krsna at basahin nang tuluytuloy ang *Srimad-Bhagavatam*. Inilaan niya ang kanyang buhay sa Vrndavan bilang tugon na din sa utos ng Panginoon. Sa pagbabasa ng *Srimad-Bhagavatam* araw-araw napupuspos ng kaligayahan, na walang pakialam sa panlabas na daigdig. Ang paanang lotus ni Govinda ang naging buhay at kaluluwa niya at inutusan niya ang mga disipulo na magtayo ng Templo ni Govindaji. Siya ang Gopi na si Raga Manjari sa *Vraja-lila*.

Si Gopal Bhatta Goswami

Si Sri Gopal Bhatta Goswami ay anak na lalake ni Vyenkata Bhatta ng Sri Rangam. Siya ay disipulo ni Prabodhananda Saraswati, na kanya ding tiyuhin. Habang naglalakbay si Sri Chaitanya sa Timog India, ang Panginoon ay nanatili nang tuluy tuloy sa tahanan ni Vyenkata Bhatta ng apat na buwan sa panahon ng *chaturmasya*. Si Gopal Bhatta Goswami noon ay bata pa lamang sa gulang na sampung taon, at siya ay lubos na napuspos ng mga pagkakataon upang maglingkod sa Panginoon.

Sa bandang huli, sa kanilang pagtanda, pagkaraang payagan siya na pumunta sa Vrndavan, ang kanyang magulang ay iniwan na ang daigdig. Narating niya ang Vrndavan at nagkaroon siya ng *darsan* nina Sri Rupa at Sanatan Goswamis. Nang makarating ang balita kay Mahaprabhu, Siya ay lubos na

nasiyahan. Tinipon ni Gopal Bhatta ang *Satkriyasara Dipika* at sinulat ang listahan ng mga kahulugan ng mga salitang ginamit sa *Sri Krsna-karnamrta*. Itinayo niya ang Templo ni Radha Ramana sa Vrndavan. Siya ang Gopi na si Ananga Manjari sa *Vraja-lila*.

KONKLUSYON NG MGA TURO NG PANGINOON

Ang landas ng debosyon sa Panginoon ay nahahadlangan ng mga materyoso. Itinuturing nila na ang ganoong debosyon ay kahibangan at pag-aaksaya ng panahon sapagkat walang makukuhang anumang materyal. Para sa mga materyoso handa sila kahit na pumatay para sa makukuhang pakinabang at kasiyahan, samantalang ang mga natatanging deboto, ang *Ananya-bhakta*, ay hindi humihingi ng kahit ano mula sa Panginoon para sa pansariling nilang kabutihan. Kahit na alukin sila ng Panginoon ng mga pansariling kabutihan, ang mga tapat na deboto ay hindi tatanggapin ang mga iyon sapagkat ang tangi nilang hangarin ay ang mapasaya ang Panginoon sa pamamagitan ng transendental na paglilingkod nang buong puso. Kung papipiliin sa pagitan ng pagdurusa at makamundong kasiyahan, ang *Ananya-bhakta*, ang isang natatanging deboto, ay higit na nanaisin na harapin ang pagdurusa kung sa ganoong paraan ay makakalahok siya sa paglilingkod sa Panginoon. Masaya nilang isusuko ang mga kaginhawahan ng kasiyahang materyal, na nagiging dahilan upang malimutan ang minamahal na Panginoon, pagpili sa “mapait na nectar sa matamis na lason.”

Upang maipakita ang mga kahanga hangang katangian ng Kanyang natatanging deboto na naghahangad na makapaglingkod lamang, walang ibang hinahangad para sa kaniyang mga sarili, ang Panginoon ay lumikha ng iba’t ibang

pangyayari sa Kanyang *lila* para magturo sa iba ng mga prinsipyo at mas maayos na punto ng natatanging debosyonal na paglilingkod. Ang ganoong damdamin ay ipinahahayag sa mga gawain ng Gopis kasama ang Panginoong Krsna. Ang mga paglilibang ng Panginoon ay hindi limitado, kaya't hindi imposible na mabanggit ang lahat ng mga iyon. Ang mga sumusunod ay ilan lamang sa mga iyon na ibinubunyag ang pinakasentro ng Kanyang mga turo:

Kahanga-hanga at Di-Makasariling Paglilingkod ni Govinda Das

Si Govinda, ang masunuring lingkod ng Panginoong Sri Chaitanya Mahaprabhu, ay minamasahe ang Kanyang mga binti tuwing tanghali kapag ang Panginoon ay hihiga para magpahinga. Tanging pagkatapos lamang niya ng paglilingkod na ito ay saka siya uupo para parangalan ang mga naiwang pagkain ni Sriman Mahaprabhu. Minsan, habang ang Panginoon ay nakahiga, naharangan Niya ang pintong daraanan. Si Govinda ay hindi makapasok sa silid, at dahil doon humiling siya sa Panginoon, “Pinakikiusap ko sa Inyo na buksan ang isang bahagi at hayaan akong makapasok sa silid sapagkat nais kong masahihin ang Inyong binti.”

Sumagot ang Panginoon, “Wala Akong lakas na igalaw ang Aking Katawan. Gawin mo iyan o huwag mong gawin. Ipinauubaya ko iyan sa iyo.” Ikinalat ni Govinda ang balabal ng Panginoon sa buo niyang katawan at sa ganitong paraan nakapasok siya sa silid sa pamamagitan ng paglampas sa Kanya. Habang minamasahe siya ni Govinda, panandaliang nakatulog ang Panginoon, at pagkagising nakita Niya na nakaupo sa Kanyang tabi si Govinda. Dahil sa pagkagulat, tinanong Niya, “Bakit hindi ka umalis at kumain nang nakatulog ako?” Sumagot si Govinda, “Kasi nahaharangan Ninyo

ang pinto, at walang ibang daan.”

Nagtanong ang Panginoon, “Kung gayon paano ka nakapasok sa silid? Bakit hindi ka lumabas para kumain ng pananghalian sa pareho ding pamamaraan? Sumagot si Govinda, “Ang aking tungkulin ay paglingkuran Kayo kahit pa makagawa ako ng mga pagkakasala at mapunta sa impierno dahil sa pagtapak ko sa aking Panginoon. Hindi ko iisipin na ako ay nakagawa ng ilandaan o ilang libong kasalanan para sa paglilingkod sa Inyo, subalit higit kong kinatatakutan ang munting kasalanan na magagawa ko para sa pansariling interes lamang.”

Ang Lalim ng Debosyon ng mga Goswamis

Itinuturing ni Sri Rupa Goswami si Sri Sanatan Goswami bilang Kanyang Banal na Guru. Madalas niyang binibisita ang *bhajan-kutir* ni Sanatan. Isang araw ninais ni Sri Rupa na mag-alay ng matamis na kanin kay Sanatan subalit hindi siya makakuha ng mga sangkap para makagawa ng matamis na kanin. Bandang huli, may dumating na babae at binigyan siya ng mga kinakailangang sangkap sa tulong ng kanyang mga tagabantay. Niluto ni Sri Rupa ang matamis na kanin at inanyayahan si Sanatan Goswami para sa *Prasadam*. Si Sanatan, matapos matikman ang matamis na kanin, ay tinanong si Sri Rupa kung saan niya nakuha ang mga sangkap, sapagkat ang lasa nito ay kakaiba. Pagkaraang maipagtanong ni Sanatan sa kalapit bayan ang babaeng nagbigay ng mga sangkap sa matamis na kanin naunawan niya na ang babae ay mismong si Srimati Radharani na personal na nakipagkita upang maghandog ng paglilingkod sa Kanyang deboto.

Lubos na nalungkot si Sanatan Goswami, nasabi niya, “Tayo

ay naghahanap sa Kanya upang mapaglingkuran Siya at dumating Siya at pinaglingkuran tayo at saka umalis? Ito ay isang malaking kasawian” Lubos siyang nagdalamhati.

Sa mas mataas na uri ng debosyon, hindi kaaya-aya, at hindi rin mauunawaan, na si Krsna o Kanyang mga kapanalig ay darating para paglingkuran tayo. Ito ay maituturing na kasawian. Sa kalikasan, si Krsna ay pilit na pinagkakaloob ang lahat sa mga sumukong deboto tulad ng nabanggit sa *Srimad-Bhagavad-gita*: “*Yoga-kseman vahamy Aham,*” (9.22). “Sa lahat na mga natatangi Kong deboto, dinadala Ko kung ano ang mga kulang at iniingatan ang tinataglay na.” Subalit ang mas mataas na deboto ay hindi umaasa na si Krsna ang mag-aalay ng paglilingkod sa kanila. Yaon ang kadalisayanan ng kanilang debosyon.

Ang Panalangin ni Kunti Devi

Si Kunti Devi, ang tapat na ina ng mga Pandavas, ay nanalangin sa Panginoong Krsna pagkatapos ng Laban sa Kuruksetra:

**vipadah santu tah sasvat
tatra tatra jagad-guro
bhavato darsanam yat syad
apunar bhava-darsanam**

Srimad-Bhagavatam, 1:8:25

“Hindi ko nais ang kaharian na ito, subalit hangad ko na ang lahat ng kalamidad na aming pinagdurusahan ay mangyari nang paulit-ulit. Sa lahat ng mga pagkakataon ng pagdurusa pinakamalapit Ka sa amin, subalit ngayon iiwan Mo ang kahariang ito, at pupunta sa Dwaraka. Higit namin nais ang pagdurusa, at hindi ang kaharian, upang paulit ulit Ka pa naming makita.”

Ang Debosyon ng Gopis na Walang Hinihintay na Kapital

Isang araw, ang Panginoong Krsna ay nagkunwaring matindi ang sakit ng ulo. Noong magpunta ang pantas na si Narada para bisitahin ang Panginoon, nakita niya si Sri Krsna na nakahiga sa kama na hindi matiis ang matinding sakit. Tinanong ni Narada kung mayroon ba siyang magagawa para malunasan ang sakit ng Panginoon. Habang nagkukunwaring matindi ang sakit, sinabi ni Krsna, “Ang tanging gamot na makalulunas sa Akin ay ang alikabok na mula sa paa ng Aking mga deboto.” Pagkarinig nito, napagtanto niya na kinikilala siya ni Sri Krsna na isa sa Kanyang mga deboto, subalit paano niya magagawa ang pinakamasamang kasalanan na maaring niyang maisip ang paglalagay ng alikabok ng kanyang paa para ilagay sa noo ng Kanyang Panginoon? Ito ay imposible para sa kanya na magawa subalit naisip niya na maaaring magawa ito ng iba at nagdesisyon siya na pumunta sa iba upang makamantan ang lunas para sa Panginoon.

Si Narada ay nagpunta roon upang makita ang mga maraming santo at pantas na kilala sa kanilang debosyon at kapayakan. Subalit wala sa kanila ang handang gumawa ng ganoong kabigat na kasalanan. Bigo, bumalik si Narada sa Dwaraka at sinabi sa Panginoon na lahat ng kanyang nilapitan ay takot na gawin ang ganoong katinding kasalanan. Pagkakita sa kawalang pag-asa ni Narada, pinayuhan ng Panginoon si Narada na, “Pumunta ka sa Vrndavan at tanungin ang mga Gopis, matatagpuan mo ang lunas doon.”

Nagpunta si Narada sa Vrndavan at ang mga Gopis ay natuwa at nasabik na makita itong dakilang deboto ni Sri Krsna. Pinalibutan siya, habang tinatanong siya tungkol sa kanilang minamahal na Panginoon. Pagkatapos sagutin ang

ilang mga katanungan, sa wakas ay sinabi ni Narada ang tungkol sa matinding sakit ng ulo ni Sri Krsna at ang tangi nitong lunas, at naparoon siya upang hilingin ang lunas para sa Panginoon. Walang pag-aalinlangan o pagdadalawang-isip, ang mga Gopis ay nagsimulang maglagay sa sisidlan ng alikabok mula sa kanilang mga paa. Namangha si Narada at nasabi, “Ano ang inyong ginagawa! Hindi ba ninyo alam na ang pagbibigay sa Panginoon ng mga alikabok mula sa inyong mga paa ang pinakamasamang kasalanan? Nawawala na ba kayo sa inyong mga sarili?” Ang mga Gopis, sa kanilang marubdob na pag-ibig sa Panginoon, ay sinabing, “Kung gayon gawin natin ang kasalanan na iyon, gaano man kabigat ito. Wala kaming pakialam! Wala kaming pakialam tungkol sa kasalanan na iyon. Ang pananakit ng ulo ng minamahal nating Panginoon ay nararapat na mabigyang-lunas. Ito ang ating dapat na pagtuunan ng pansin. Kung ang alikabok mula sa ating mga paanan ang makagagamot sa Kanyang pananakit ng ulo, nakahanda kami na harapin ang kaparusahan na naghihintay sa amin. Malugod naming iyong tatanggapin.” Labis na namangha si Narada sa pag-ibig at debosyon ng Gopis kay Krsna na hindi naghihintay ng anumang kapalit.

Pagbalik sa Dwaraka na dala ang sisidlan ng alikabok na nagmula sa mga paa ng mga Gopis, natagpuan niya na masigla na si Krsna na nakaupo na may nagliliwanag na ngiti ng pagtanggap sa Kanyang mukha. Napagtanto ni Narada na ang buong pangyayari ng pananakit ng ulo ay isa lamang dramang banal na ginawa ni Sri Krsna upang subukan siya. Sinabi ng Panginoon sa kanya, “Habang ikaw at ang iba ay nababahala na makagawa ng kasalanan sa Akin, ang mga Gopis ay nagmamalasakit naman sa akin. Hindi sila nababahala sa kung anumang mabigat na kasalanan na magagawa nila; sila ay handa na tanggapin ang anumang parusa na

ibibigay sa kanila para lamang sa sinasabing mabigat na kasalanan ng pagbibigay ng alikabok ng mga paa nila sa Panginoon. Ang kanilang debosyon ay hindi matatawaran.”

Sa Vrndavan, hindi itinuturing na matapat na asawa si Sri Krsna, subalit Siya ang Panginoon ng puso. Pagkaiwan sa kanilang mga asawa, ang mga Gopis ay nakipag-isa kay Krsna. Hindi nila hinayaan na may pangalawang partido na dumating sa pagitan nila at ni Krsna. Hindi nila mapapayagan ang pakikialam kahit na ang mga nasusulat na regulasyon at batas sosyal, sapagkat ang posisyon ni Krsna ay kumpleto na. Ang ganoong ugnayan ay higit na kaaya-aya sa Kanya at nais lamang nilang gawin ang anumang lubos na nakapagpapasaya sa Kanya.

Ito ang *Vrndavan bhajan*. Wala itong lugar para sa mga pormal na kadalisayan o karumihan na dala ng kahit na anong makamundong konsiderasyon, subalit naka depende lamang sa nararamdaman ng puso sa natural na debosyon. Sinabi ni Krsna, “Ang kaugnayan ko sa kanila ay malaya sa anumang maaaring maisip. Nadadaan nito ang batas, pamayanan, Kasulatan, lahat. Ito ay pinakalikas at natural, at hindi ito nagtatakda ng anumang sosyal o nasusulat na kaparusahan. Sinsabi Ko sa kanila, “Maaaring magpakita kayo ng pormal na paggalang sa lahat ng mga ipinagbabawal at mamuhay sa pamayanan. Subalit mula sa puso ng inyong mga puso, kayo ay sa Akin.”

Sa isang pamayanan ang isa ay dapat na sumunod sa batas subalit mayroon din pangyayari na lalabagin ang batas upang maipakita ang katapatan sa hari. Kung ilalagay ng isa sa pang-anib ang kanyang buhay at reputasyon, at isasantabi ang kabuuang batas, makapapasok ito sa maharlikang silid upang malabanan ang maysala, kung gayon maituturing siya na pinakamagaling at pinakatapat na lingkod. Gayundin,

sinasabi ng Panginoon, “Nakapagbigay na Ako ng ilang mga gabay para sa buong publiko, “Gawin ninnyo ito, huwag ninyo gawin ito, huwag ninyo labagin ang batas, at iba pa.” Subalit, kung sa Aking interes, bawat isa ay haharap sa panganib na gumawa ng kasalanan, kung gayon siya ay maituturing na pinakamagaling sa lahat ng Aking mga deboto.”

Ang Pangako ni Krsna sa Kanyang mga Natatanging Deboto

**ksipram bhavati dharmatma
sasvach-cchhantim nigachchhati
kaunteya pratijanihi
na me bhaktah pranasyati**

Bhagavad-gita, 9:31

“O, Arjuna, ipangako mo sa publiko na ang Aking mga natatanging debotong tagapanglingkod ay hindi kailanman masisira. Ang sinumang magpapahayag nito, ay dagliang magiging mabubuti at tunay na magkakamit ng walang hanggang banal na biyaya. Ang Aking mga natatanging deboto ay tumawid na sa pasukan ng *dharma*, ang paman-tayan ng katungkulan, at hinarap ang panganib na ipagkaloob ang kanilang sarili para sa paglilingkod sa Akin. Walang nakapagtataka sa pagiging “mabubuti” o relihiyoso nila. Nalampasan nila ang *dharma* noon pa man, hinarap ang panganib, at pumasok sa *Prema-dharma*, ang Aking mapagmahal na paglilingkod, na may pagtangga sa pandaraya o pagkakasala. Sa labas, mayroong mga sosyal at nasusulat na pangangailangan, subalit ang Aking posisyon ay lampas at mataas sa kanila. Ang *Veda* ang Aking kautusan para sa kabutihan ng mga tao na lumihis sa Akin, at ang pamayanan ay nasa ilalim din ng nasasakupan ng mga kabuuang kautusan na ipinagkaloob Ko sa publiko. Subalit ang Aking banal na

kaugnayan sa lahat ay likas at malaya. Hindi ito nagtatakda ng pagkilala mula sa kahit kanino. Ang ganoong ugnayan ang pinakamataas. Nalalampasan nito ang lahat ng batas at pamayanan na pinapatnubayan ng Vedas, manapa’y, ang lahat ng *Vedas* ang naghahanap ng ganoong bagay. (Hinango sa “*Ang Nakatagong Kayamanan ng Matamis na Kabuuan.*”)

Yaon ang kahanga hangang katangian ng Banal na Pag-ibig ni Krsna na ang isang deboto ay maaaring humanap ng pagdurusa para lamang makakuha ng kabutihan sa pag-ibig ng mapagmahal na Panginoon. Ang karanasan ay yaong kahit na sa labas ay parang inaapoy sa paghihirap, sa loob naman nito ay tulad ng matamis na nektar na pumupuno sa puso ng pinakadakilang ligaya. Kahit na naramdaman ni Sri Chaitanya ang pinakamatinding sakit ng pagakakahiwalay kay Krsna, sa kanyang puso Siya, sa damdamin ng Pakikipagkaisa sa Paghihiwalay o *Vipralambha-rasa*, ay mararaan ang pinakamalalim na maligayang pag-ibig.

Ang Pagiging Isa sa Pagkakahiwalay

Ipinaliwanag ni Srila Bhakti Raksak Sridhar Dev-Goswami Maharaj kung paano sa pagkaunawa kay Krsna sa paniniwala sa Panginoon, mayroong kaugnayan sa pagitan ng pakikipagkaisa sa Panginoon at pakikipaghiwalay sa Kanya. Kung walang paghihiwalay, hindi masisimulan ang pakikipagkaisa. Kung ang pinakamatinding pagkaunawa sa kaligayahan ay ang pakikipag ugnayan kay Krsna, ang pinakamatinding pagkaunawa sa sakit ay ang pagkakahiwalay sa Kanya. Ang sakit ng paghihiwalay ay higit na maaaring makapasok sa kaibuturan ng puso kaysa sa kasiyahan. Mas matindi ang pagnanais, mas matindi din ang kasiyahan. Kung ang pag-uusapan ay ang pagharap ng puso sa mga usaping pag-ibig, ito ay lubos na totoo, tulad ng isang

kasabihan sa Ingles, “ang pagkawalay ay nagpaparubdob ng puso.”

Dito, kahit na pinayuhan tayo na maging handa sa masakit na paghihiwalay, hindi tayo dapat mawalan ng pag-asa, ang katotohanan ay hindi ganoon kalupit sa aktuwal. Ang sakit ng pagkakahiwalay mula sa Kabanalan ay nagdudulot ng walang hanggang kaligayahan tulad ng pagkakadama sa pinakamataas na antas ng presensya ng Panginoon. Sinabi ni Ksrna, “Ako ay alipin ng Aking mga deboto. Wala Akong kalayaan na hindi naaayon sa kanilang kagustuhan. Sapagkat sila ay tunay na dalisay at nananalig sa Akin, ang Aking puso ay buong buo nilang nakokontrol, at nananahan Ako sa kanilang mga puso.” Kung saanman mayroong natatanging deboto, si Krsna ay naroon tulad ng kanyang anino, laging gumalaw kasama nila kahit hindi nakikita.”

Sa loob ng huling labindalawang taon sa mga pinakita Niyang paglilibang sa daigdig, si Sri Chaitanya ay lubhang nakilahok sa maligayang damdamin ng pagiging isa sa paghihiwalay. Ang dalamhati ni Sriman Mahaprabhu ay tulad ng kina Sri Radha at Gopis sa pagkakahiwalay kay Krsna noong Siya ay umalis patungong Mathura. Sa damdamin ng paghihiwalay, ang Panginoong Chaitanya ay nagpakita ng pagkawala sa sarili sa umaga at gabi. Minsan Siya ay tatawa, minsan Siya ay iiyak, minsan Siya ay sasayaw at minsan Siya ay aawit ng matinding pagdadalamhati. Sa mga panahong iyon, binisita Niya ang Templo ng Panginoong Jagannath kung saan ang kanyang damdamin ay umakma sa damdamin ng Gopis noong makita nila si Krsna sa Kuruksetra pagkaraan ng mahabang paghihiwalay.

ANG HULING HANDOG – SIKSASTAKAM

Sa kanyang huling paglalathala, ang tagatipon ng mga literaturang *Vedic*, si Sri Vedavyasa ay tinanggap ang pananam-palataya sa Panginoon sa pinakamataas na antas sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga labingwalong libong berso ng *Maha-Purana*, *Srimad-Bhagavatam*. Ang huling linya ng dakilang Kasulatan ay inaawit ang Banal na Pangalan ni Krsna:

**nama-sankirtanam yasya
sarva-papa pranasanam
pranamo duhkha-samanas
tam namami harim param**

“Ang sama-samang pag-awit ng Banal na Pangalan ay lipulin lahat ng kasalanan at pawiin ang kalungkutan, tayong lahat ay lumuhod sa Pinakamakapangyarihang Panginoong Hari.”

Sa kanyang mga patulang salita si Srila B. R. Sridhar Dev-Goswami Maharaj ay nilinaw itong huling berso, kaya’t nagbigay ito ng malalim na pagkaunawa sa kahalagahan ng Banal na Pangalan sa mensahe ng huling mga aral ni Sriman Mahaprabhu, ang *Siksastakam*:

“Pagkasabi ng bersong ito, huminto ang *Srimad-Bahagavatam*; iyong dakilang kasulatan ay naging tahimik. Ang huling salita sa *Bhagavatam* ay ang Nama Sankirttan. Lubhang pinahalagahan ng *Bhagavatam* ang pag-awit ng Banal na Pangalan ni Krsna, at mula rito binuo ito ni Sri Chaitanya sa anyo ng

Siksastakam."

Ang Siksastakam

Sa alab ng masakit na pagkakahiwalay mula kay Krsna, pagsabog ng bulkan ng kaligayahan ang dumaloy sa Kanyang puso, at ang Kanyang mga aral, na kilala bilang *Siksastakam*, ay dumaloy mula sa Kanyang mga labi tulad ng ilog ng gintong lava.

Ang walong linya ng Siksastakam:

**cheto-darpana-marjanam
bhava-maha-davagni-nirvapanam
sreyah-kairava-chandrika-vitaranam
vidya-vadhu-jivanam
anandambudhi-vardhanam
prati-padam purnamrtasvadanam
sarvatma-snapanam param vijayate
sri-krsna-sankirtanam**

"Ang Banal na Pangalan ni Krsna ay nililinis ang salamin ng ating puso at pinapatay ang apoy ng pagdurusa sa kapan-ganakan at pagkamatay. Habang bumubukadkad ang pang-gabing lotus sa malamig na liwanag ng buwan, ang puso naman ay nagsisimulang sumibol ang nektar ng Pangalan. At sa wakas ang kaluluwa ay nagising sa tunay na panloob na kayamanan ng buhay sa pag-ibig kasama ni Krsna. Muli at muli, pagkalasap sa nektar, ang kaluluwa ay sumisid at lumutang sa patuloy na dumaraming karagatan ng kaligayahan. Lahat ng anyo ng sarili na ating mauunawaan ay buong buong mabibigyang kaganapan at madadalisyay, at sa wakas lahat ay magagapi ng mabuting impluwensya ng Banal na Pangalan ni Krsna."

**namnam akari bahudha nija-sarva-saktis
tatarpita niyamitah smarane na kalah
etadrsi tava krpa bhagavan mamapi
durdaivan idrsam ihajani nanuragah**

"O aking Panginoon, ang Inyong Banal na Pangalan ay ipinagkaloob sa lahat ang kabutihan. At Kayo ay mayroong walang hanggang Pangalan tulad ni Krsna at Govinda na nagbubunyag ng Inyong sarili. Sa marami Ninyong Banal na Pangalan malugod Ninyong pinagkaloob ang Inyong transcendental na lakas. At ang pag-awit ng mga Pangalang ito, walang mahigpit na alituntunin na nagsasaabi kung kailan at saan. Nang dahil sa Inyong walang dahilang awa, bumaba Kayo sa katauhan ng Banal na Tunog, subalit ang aking matinding kasawian ay ang kawalan ko ng pag-ibig sa Inyong Banal na Pangalan."

**trnad api sunichena
taror iva sahisnuna
amanina mana-dena
kirtaniyah sada harih**

"Ang isa na higit na mapagkumbaba kaysa sa damo, higit na mapagpasensiya kaysa sa puno, na nagbibigay ng tamang pagkilala sa iba na hindi naghahangad ng para sa kanya ay karapatdapat na palagiang umawit ng Banal na Pangalan ni Krsna."

**na dhanam na janam na sundarim
kavitan va jagad-isa kamaye
mama janmani janmanisvare
bhavatad bhaktir ahaituki tvayi**

"O Panginoon, wala akong hangad na magkaroon ng kayamanan, tagasunod, magagandang babae, o pagkaligtas. Ang tangi ko lamang panalangin ay ang Iyong walang dahilang

paglilingkod debosyonal, pagkasilang pagkaraan ng pagkasilang.”

**ayi nanda-tanuja kinkaram
patinam mam visame bhavambudhau
krpaya tava pada-pankaja-
sthita-dhuli-sadrsam vichintaya**

O, anak ni Nanda Maharaj, ako ay ang inyong taga-paglingkod. Subalit, dahil sa aking karma, ako ay nasadlak sa karagatan ng pagkabuhay at kamatayan. Tanggapin Ninyo nawa itong nasadlak na kaluluwa at ituring na kaisa sa alik-abok ng Iyong Banal na paanang lotus.

**nayanam galad asru-dharaya
vadanam gadgada-ruddhaya gira
pulakair nichitam vapuh kada
tava nama-grahane bhavisyati**

“O Panginoon, kailan ang luha ay dadaloy mula sa aking mga mata tulad ng alon at ang aking tinig ay manginig sa kaligayahan? Kailan mangingilabot ang mga buhok sa aking katawan habang inaawit ko ang Inyong Banal na pangalan?”

**yugayitam nimesena
chaksusa pravrsayitam
sunnyayitam jagat sarvam
govinda-virahena me**

“O Govinda! Kung wala Ka, ang daigdig ay walang kabuluhan. Ang mga luha ay umaapaw sa aking mga mata tulad ng ulan, at isang saglit ay parang walang katapusan.”

**aslisya va pada-ratam pinastu mam
adarsanam marma-hatam karotu va
yatha tatha va vidadhatu lampato
mat-prana-nathas tu sa eva naparah**

“Maaaring yakapin ako ni Krsna ng pag-ibig o itapon ako sa Kanyang paanan. Maaari Niyang sirain ang aking puso sa pamamagitan ng pagtatago ng Kanyang sarili sa akin. Pahintulutan yaong kaliluhan na gawin ang magustuhan Niyang gawin, subalit Siya ay mananatiling tanging Panginoon ng aking buhay”.*

**Talababa: Ang mga linya ng Siksastakam at pagsasaling-wika ay hango sa aklat na pinamagatang *Ang Gintong Bulkan ng Banal na Pag-ibig (The Golden Volcano of Divine Love)* na isinulat ni Srila B. R. Sridhar Maharaj.*

Ang palatandaan ng kaligayahan na ipinakita ni Sri Chaitanya Mahaprabhu ay hindi pa natatagpuan sa kasaysayan ng daigdig o naipahayag a anumang Kasulatan. Sa Kanya matatagpuan ang pinakamataas na pagkaunawa sa Pinakamahalagang Katotohanan. Ito ang lahat ng nakagagap-ing konklusyon. Ang Pinakamahalagang Katotohanan ay nararapat na pinakamataas din na anyo ng *ananda*, ang kaligayahan. Si Sri Chaitanya mismo ay si Sri Krsna na tinitikman ang Kanyang sariling katamisan at sumasayaw sa kaligayahan. Sa bawat salita mula sa Kanyang lotus na bibig at bawat galaw at gawain ng Kanyang magandang gintong pigura, si Sri Chaitanya ay nagpapamalas ng Kanyang maliligayang paglilibang ng Banal na Pag-ibig.

Kabaligtaran ng ganitong mataas na pagkaunawa ng Kabuuang Katotohanan, ang mga materyoso, sa kabilang banda, ay laging handa na gumawa ng mga pangako, suhol sa Panginoong bilang kapalit sa ilang materyal na pagkakamit. Hindi nila naiisip na kahit hibla ng damo ay hindi gagalaw kung hindi Niya kagustuhan. Siya na ating lumikha ay natural lamang na ating pinakamagaling na protektor o magulang, Siya na nakaaalam ng pinakamabuti para

sa atin. Hindi na kailangan na hingin sa Kanya ang ating mga pangangailangan sapagkat higit Niyang alam kung ano ang makabubuti para sa atin. Alam Niya ang nakaraan ng ating mga buhay, alam Niya ang kasalukuyan at alam Niya ang hinaharap. Kaya ano ang halaga ng paghingi ng kahit ano sa nakaaalam ng lahat-lahat.

Sa pagkamit ng pinakamataas na pagtanggap, ang kanyang Banal na Pag-ibig, lahat ay makakamit, sapagkat walang ibang higit na makakamtam o hangarin sa buhay ispiritwal maliban sa pagkakamit ng pinakamataas na antas ng pag-ibig sa Panginoon. Ano pa ba ang hangad ng Panginoon mula sa *jiva*? Ano ang higit na paghahandog kung ang buong paghahandog ng sariling puso sa pagkalimot, sa dalisay na pag-ibig sa Panginoon. Ang huling hangarin ng pagkakamit ay ang pagkuha ng posisyon sa walang hanggang transendental na mapagmahal na paglilingkod sa Kanyang luklukan, na hindi na muling mararanasan ang ikot ng paulit ulit na kapanaganakan at kamatayan. Subalit sa kabila ng pagtataglay ng ganoong posisyon bilang kaganapan sa natatanging debosyon, ang *Ananya-bhaktas* ay handa na maglingkod kahit pa sa impyerno kung iyon ang makapagdudulot ng kasiyahan sa Panginoon.

Ang salitang *Vaisnavism* ay hango sa salitang Vishnu at nangangahulugang isa na sumasamba kay Vishnu mula sa tapat na pag-ibig bilang buong pagsuko at pagkalimot sa sarili, na walang anumang inaasahang kapalit mula sa Kanya.

ANG GURU PARAMPARA

**yasya deve para bhaktir
yatha deve tatha gurau
tasyaite kathita hy arthah
prakasante mahatmanah**

Sri Upadesamrta: 6.23

“Ang susi sa tagumpay ng buhay ispiritwal ay ang walang katapusang debosyon sa Banal na Guru at kay Krsna. Sa lahat ng mga dakilang kaluluwa na mayroong buong pananam-palataya kay Krsna at sa Banal na Guru, ang panloob na kahulugan ng Kasulatan ay buong buong mabubunyag.”

Ang *Bhakti*, o debosyon, ay isang banal na kayamanan na maaari lamang makamit sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan ng puso. Bumababa ito mula sa spirituwal na daigdig sa pamamagitan ng mga puso ng tapat na deboto at mga puso ng mga tapat na humahanap. Kaya’t, sinuman ang nais na magsanay ng *Bhakti-yoga* ay nararapat na humanap ng lakas sa tapat na deboto na siyang magpapakita ng *Guru-parampara*, o disciplic succession, at pagsasanay ng buhay debosyonal sa ilalim ng kanilang pamamatnubay.

Ang *Sampradaya* (disciplic succession) ni Sriman Mahaprabhu ay naipamalas pa hanggang ngayon ng mga *Acharyyas* (Pinunong Ispiritwal) sa disipulong pagsunod sa ilalim ng pagkakilanlang Rupanuga-Gaudiya-Vaisnava Sampradaya -- minsang tinatawag din na Brahma-Madhva-Gaudiya-Sampradaya sapagkat itong kaalamang transendental ay

unang sinambit ng Pinakamakapangyarihang Panginoon kay Brahma, ang lumikha ng sanlibutan. Mula kay Brahma bumaba ito kay Narada patungo kay Vyasadeva, mula kay Vyasadeva patungo kay Madhava Acharyya. Sa proseso ng disipulong pagsunod, ang kaalamang ito ay bumaba mula sa Guru patungo sa disipulo hanggang sa makarating sa Panginoong Chaitanya, na nagpakita bilang disipulo at kahalili ni Sri Isvara Puri. Si Srila Rupa Goswami ay personal na itinalaga ng Panginoong Chaitanya bilang pangunahing representante ng linya ng Kanyang mga kautusan.

Sa kasalukuyang panahon si Srila Bhakti Siddhanta Saraswati Thakur ang pangunahing disipulong representante mula kay Srila Rupa Goswami. Ipinangaral niya ang tradisyong transendental nang buong-buo, pinapalaganap ang mensahe ni Sri Chaitanya, nagtatag ng animnapu't apat na Gaudiya Maths sa buong India at nagpadala ng kanyang disipulo sa ibang bansa upang ipalaganap ang misyon. Isa sa kanyang mga disipulo ay tinanggap ang kanyang utos na magpalaganap ng misyon sa Kanluran nang buong kaseryosohan, kaya't mag-isang pinadaloy sa buong daigdig ang kamalayang Krsna. Siya ay walang iba kundi si Srila A. C. Bhaktivedanta Swami Maharaj Prabhupad, ang Founder Acharyya ng ISKCON. Nagsaling-wika si Srila Swami Maharaj Prabhupad ng maraming pangunahing gawa ng pilosopiya na Gaudiya-Vaisnava sa wikang Inglis at sumulat ng maraming orihinal na gawa upang maipakilala ang mga mensahe ni Sri Chaitanya sa daigdig. Ang Kanyang walang hanggang kaluwalhatian ay hindi matatawaran sapagkat siya ay itinuturing bilang Saktyavesa Avatar (pinalakas na engkarnasyon) ni Nityananda Prabhu.

Ilang sandali pagkaraan ng pagkawala niya sa daigdig, ipinasa ni Srila Bhakti Siddhanta Saraswati Thakur ang responsibilidad na panatilihin ang disipulong pagsunod sa

isa sa kanyang nakakatandang malakas na disipulo, si Srila bhakti Raksak Sridhar Dev-Goswami Maharaj, ang Founder Acharyya ng Sri Chaitanya Saraswath Math. Ang Kanyang Banal na Awa ay tinitingala bilang natural na protektor ('*Bhakti Raksak*' nangangahulugang 'Protektor ng Debosyon') ng mga kapwa kapatid sa pananampalataya, kasama na sina Srila Bhaktivedanta Swami Maharaj Prabhupad. Hinanap nila ang kanyang paggabay at payo tulad ng kanilang *Siksa Guru* o tagapagturong Pinunong Ispiritwal. Upang makatiyak na walang kahit anong paglihis ang makapapasok sa *sampradaya* at ang mga tapat na tagapagsanay ay patuloy na yumabong sa kanilang debosyonal na paglilingkod nang walang hadlang, si Srila Sridhar Maharaj sa bandang huli ay inilipat ang pagsunod sa kanyang pinakamamahal na disipulo, si Srila Bhakti Sundar Govinda Dev-Goswami Maharaj, dalawang taon bago ang kanyang banal na pagkawala mula sa daigdig na ito.

Ipinagpapatuloy pa din sa kasalukuyan ni Srila Bhakti Sundar Dev-Goswami Maharaj ang malawakang pagpapalaganap ng mensahe ni Sriman Mahaprabhu sa buong mundo. Ang Kanyang Banal na Awa ay nakakumpleto na ng dalawampung paglalakbay sa buong mundo, walang kapaguran na inalagaan at itinaas ang Indian at buong mundong Misyon ni Srila Sridhar Maharaj, patuloy na sumusubok na mabigyang kaganapan ang mga panganailangan ng kanyang Srila Gurudev. Ang kanyang kakayahang tapat na ipamalas ang disipulong pagsunod ay nagpakilala kay Srila Govinda Maharaj bilang Jagat-Guru, o pandaigdigang guro.

Si Srila Govinda Maharaj ay lumikha ng maraming dakilang Sanskritong panalangin at naglathala ng maraming aklat na nagpapakita ng pinakamataas na konklusyon ng tapat na debosyon.

Ang Banal na Awa ni Srila Bhakti Sundar Govinda Dev-Goswami Maharaj ay tumayong haligi ng Gaudiya-Vaisnava-Sampradaya na ipinagtatangol at iniingatan ang kadal-isayanan ni Sriman Mahaprabhu sa pinakamataas na pagkau-nawa sa *Ananya-bhakti*. Ang pinagsamang natatanging landas ng debosyon ay pinakamahalagang handog sa mga nasadlak na kaluluwa ng *Kali-yuga* para sa pagkakamit ng pinakamataas na hangarin sa buhay.

MGA MAHAHALAGANG PAGGABAY PARA SA MGA TAPAT NA HUMAHANAP:

“Ang posisyon ni Sri Guru ay tulad ng tubig, ang mga disipulo ay tulad ng mga lotus at ang posisyon ng sinasambang Panginoong Krsna ay tulad ng araw. Ang maawaing sikat ng araw ay nagpapayabong sa lotus hangga’t ang lotus ay nasa tubig. Kung walang tubig, ang lotus ay masusunog sa sikat ng araw. Kung wala ang proteksyon ng Guru, Ang disipulo ay maliligaw.” — *Srila B. S. Govinda Dev-Goswami Maharaj*

“Sinumang makatatanggap ng awa ni Nityananda, ay madaling makakamit ang paanang lotus ni Sri Chaitanya at malulunod sa karagatan ng Banal na Pag-ibig. Kapag wala ang kanyang awa, walanag sinuman ang magkakamit kay Sri Chaitanya, kahit pa sambahin Siya ng isandaang beses habang buhay. Kung nais ni Sri Chaitanya na parusahan ang sinuman, si Nityananda Prabhu ay maaari siyang protektahan, Subalit kung si Nityananda Prabhu ay nais na parusahan ang sinuman, Sri Chaitanya ay higit siyang parurusahan.” — *Sri Chaitanya-charitamrta*

“Dahil sumusuko kayo sa paanang lotus ni Sri Gauranga, matatagpuan ninyo ang inyong sarili na ligtas na nakaluklok sa paglilingkod kay Sri Sri Radha Govinda. Huwag ninyo Silang subukan na direktang lapitan; kung gagawin ninyo, maaaring may mga ilang hirap, subalit ang paanang lotus ni Sri Gauranga ay dadalhin kayong ligtas doon.”

----- *Srila B. R. Sridhar Dev-Goswami Maharaj*

MGA NAILATHALANG AKLAT NG SRI CHAITANYA SARASWAT MATH

Ang kumpletong listahan ng mahigit 250 na Paglalathala sa 20 lenggwahe ay matatagpuan sa website ng Sri Cahitanya Saraswat Math sa:

<http://www.scsmath.com>

Mga Aklat mula kay Srila B. R. Sridhar Maharaj:

Bhagavad-gita- The Hidden Treasure of the Sweet Absolute

Sri Sri Prapanna-jivanamrtam- Positive and Progressive

Immortality

Sri Sri Prema Dhama Deva Stotram

Search for Sri Krsna- Reality the Beautiful

Sri Guru and His Grace

The Golden Volcano of Divine Love

Loving Search for the Lost Servant

Subjective Evolution- The Play of the Sweet Absolute

The Guardian of Devotion

Sermons of the Guardian of Devotion [Volumes 1-1V]

Home Comfort

Inner Fulfilment

Holy Engagement

The Golden Staircase

Absolute Harmony

The Mahamantra

Lord Chaitanya ang Engkarnasyon ng Banal na Pag-ibig

Ocean of Nectar

Sri Kirttana Manjusa [The Treasure Chest of Divine Kirttans
]

Mga Aklat mula kay B. S. Srila Govinda Maharaj:

Bhagavat Darshan -Revelation not Speculation

Dignity of the Divine Servitor

Divine Guidance

Divine Inspiraton

Divine Message for the Devotees

Golden Reflections

In Search of the Original Source

Life's Destination

The Benedictine Tree of Divine Aspiration

The Divine Servitor

The Holy Name and Offences to be Avoided

Mga Aklat mula sa ating Sri Guru-varga:

Sri Brahma-Samhita- Quintessence of Reality the Beautiful

The Bhagavata (Srila Bhaktivinoda Thakur)

Sri Chaitanya Mahaprabhu – His Life and Precepts (Srila
Bhaktivinoda Thakur)

Sri Nabadwip-Bhavataranga (Srila Bhaktivinoda Thakur)

Relatives World (Srila Bhakti Siddhanta Saraswati Thakur)

Lord Chaitanya ang Engkarnasyon ng Banal na Pag-ibig

Sri Chaitanya Saraswati (The Voice of Sri Chaitanyadev)

Mga Newsletters at Magasin:

Sri Gaudiya Darshan

Nabadwip News Bulletin

Sri Vaisnava Toshami

Vaisnava Seva

Vaisnava Transmission

Counterpoint

Mahigit sa 250 publikasyon at mahigit sa 20 wika

MGA SENTRO NG SRI CHAITANYA SARASWAT MATH

Ang pahinang ito ay naglalaman ng bahagi ng listahan ng mga lunan at numero ng telepono ng higit sa 50 Templo, Ashrams at sentro sa iba't ibang bansa sa buong mundo na may ispiritwal na kaugnayan sa Sri Chaitanya Saraswat Math.

Internasyonal na Punong Himpilan

**Sri Chaitanya Saraswat Math,
Kolerganj, Post Office: Nabadwip,
District Nadia, West Bengal, Pin 741302
India.
Phone: (03472) 240086 & 240752
<http://www.scsmath.com>**

Ang kumpletong listahan ng Templo at Ashrams ng Sri Chaitanya Saraswat Math.

INDIA

Sree Chaitanya Saraswata Krishnanushilana Sangha
Opp Tank 3; 487 Dum Dum Park,
Kolkata Pin 700055,
☎: (033) 2590 9175 & 2590 6508

Sree Chaitanya Saraswata Krishnanushilana Sangha
Kaikhali, Chiriamore, P.O.: Airport,
Calcutta 700052, W. Bengal.
☎: (033) 2573-5428

Sri Chaitanya Saraswat Math,
Bidhava Ashram Rd., Gaur Batsahi,
Puri, Pin 752001, Orissa.
☎: (06752) 231413

Srila Sridhar Swami Seva Ashram, Dasbisa, P.O. Govardhan,
Dist. Mathura, U.P. 281502.
☎: (0565) 281 5495

Sri Chaitanya Saraswat Math & Mission,
96 Sevakunj, Vrindaban, Mathura,
U.P. 281121. ☎: (0565) 245 6778

U.K.

Sri Chaitanya Saraswat Math,
466 Green Street, London E13 9DB.
☎: (0208) 552 3551
e-mail: londonmath@scsmath.org

U.S.A.

Sri Chaitanya Saraswat Seva Ashram,
2900 N. Rodeo Gulch Rd., Soquel,
CA 95073.

☎: (831) 462 4712

e-mail: soquel@scsmath.org

RUSSIA

Pin 197229 St Pertersburg, p.Lahta
St Morskaya b.13 Russia.

☎: +7 (812) 238-2949

e-mail scsmath@mail.ru

MAURITIUS

Sri Chaitany Saraswat Math International,
Nabadwip Dham Street.,
Long Mountain.

☎: (230) 245 3118 / 5815 /2899

e-mail: mauritius@scsmath.org

AUSTRALIA

Sri Govinda Dham, P.O. Box 72,
Uki via Murwillumbah, N.S.W. 2484.

☎: (0266) 795541

e-mail: uki@scsmath.org

MÉXICO

Sri Chaitanya Saraswati Sridhar Govinda Seva Ashram de Mexico,
Calle 69-B N°. 537, Fracc. Santa Isabel, Kanasín,
Yucatán cp 97370

☎: (52-999)982-8444

email merida@scsmath.org

ECUADOR

Srila Sridhar Swami Seva Ashram,
P.O. Box 17-01-576, Quito.

☎: 342-471 Fax: 408-439

email: ssswamisevaashram@yahoo.com

BRAZIL

Sri Chaitanya Sridhar Govinda Seva Ashram
Krishna Shakti Ashram,
P.O. Box 386, Campus do Jordao-S.P.

☎: (012) 3663 3168

email: ksa@scsmath.org

VENEZUELA

Sri Chaitanya Sridhar Govinda Seva Ashram
Quinta Parama Karuna,
Avenida Tuy con Avenida Chama, Caracas

☎: (+58) 212-754 1257

email: contacto@paramakaruna.org.ve

IRELAND

Sri Chaitanya Saraswat Sangha, Willowfield Road
Ballinamore Co. Leitrim

☎: 071 9645661

e-mail: ireland@scsmath.org

NETHERLANDS

Sri Chaitanya Saraswati Sridhar Ashram,
Middachtenlaan 128,
1333 XV Almere, Buiten.

☎:036 53 28150

e-mail: gandiva@chello.ni

HUNGARY

Sri Chaitanya Saraswat Math, Andras Novak
Nagybányai út 52. H-1025 Budapest

☎: (361) 3980295 fax: (361)3980295

email: sweetwater@scsmth.org

TURKEY

Sri Govinda Math Yoga Centre,
Abdullah Cevdet sokak No33/8 Cankaya 06690 Ankara,

☎: 090 312 4415857 & 4408882

email: turkey@scsmath.org

SOUTH AFRICA

Sri Chaitanya Saraswat Math,
57 Silver Road, Newholmes, Northdale
Pietermaritzburg 3201 Kwa-Zulu Natal,
☎: (0331) 912 026

NEW ZEALAND

1030 Coatesville Riverhead Highway,
Riverhead, Auckland,
☎: (09) 4125466
email: auckland@scsmath.org

MALAYSIA

Sri Chaitanya Sridhar Govinda Seva Ashram, 7 Taman Thye Kim,
Jalan Haji Mohammed Ali, 32000 Sitiawan, Perak
☎ (05) 691 5686 e-mail sitiawan@scsmath.org

SINGAPORE

Sri Chaitanya Saraswat Math (Singapore) Blk 7, # 02-107
Tanjong Pagar Plaza Singapore, 081007
☎: +65 9062 6733 e-mail singapore@scsmath.org

PHILLIPPINES

Srila Sridhar Swami Seva Ashram,
23 Ruby St., Casimiro Townhouse,
Talon uno, Las Pinas City, zip 1747.
☎: +63 800-1340
email: sridharswami@hotmail.com

**Sri Chaitanya Saraswat Math
Philippines Branch.**

☎: +63 9203163750 & 9287712568
e-mail: scsmath-philippines@mail.com

Sri Chaitanya Saraswat Math ay matatagpuan sa ating
website sa:

<http://www.scsmath.com>